# Project EASE

ARALING PANLIPUNAN III



# MODYUL 16

# ANG PAG-UNLAD NG NASYONALISMO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 16**

**ANG PAG-UNLAD NG NASYONALISMO**

Ang modyul na ito ay tungkol sa nasyonalismong nalinang sa Europa at sa mga bansang kolonya. Ang pagsibol ng nasyonalismo ay dulot ng Rebolusyong Pangkaisipan na nagsilbing malaking hamon sa bawat bansa na mapanatili ang kalayaan at pagkakapantay-pantay ng bawat isa.

May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Nasyonalismong Nalinang sa Europa at sa mga Kolonya
- Aralin 2: Rebolusyong Pangkaisipan at ang Pag-unlad ng Nasyonalismo
- Aralin 3: Paglaganap ng Nasyonalismo sa Iba't ibang Bansa

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maihahambing ang nasyonalismong nalinang sa Europa at sa mga Kolonya;
2. Maiuugnay ang Rebolusyong Pangkaisipan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa mga bansang sakop: at
3. Maipahahayag ang sariling pagpapahalaga sa diwa ng nasyonalismo sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

II. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang katumbas na tamang titik.

1. Ito ay isang kasulatang naglalaman ng mga karapatan at kalayaan. Itinuturing din itong Unang Bibliya ng mga Karapatang Ingles.
   *A. Bill of Rights*
   *B. English Common Law*
   *C. Magna Carta*
   *D. Writ of Habeas Corpus*

2. Namuno sa hukbong Pranses at nagpamalas ng kabayanihan na gumising sa damdaming makabayan ng mga Pranses.
   A. Elizabeth I
   B. Indira Gandhi
   C. Joan of Arc
   D. Marie Antoinette

3. Sa panahon ni Philip IV, *Philip the Fair* noong 1302 ang *Estates General* ay nagkaroon ng tatlong pangkat. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pangkat?
   A. Alagad ng simbahan
   *B. Commoners*
   *C. Franks*
   D. Maharlika

4. Ang *Vox Populi, Vox Dei* ay tumutukoy sa karapatan ng isang pinuno ayon sa paniniwalang:
   A. Ang karaniwang tao ang hinirang ng Diyos para magpalaya.
   B. Ang mga hari at reyna ay hinirang ng Diyos para mamuno.
   C. Ang tagumpay ng mga maharlika ay tagumpay ng Diyos.
   D. Ang tinig ng nakakarami ay tinig ng Diyos.

5. Ang mga sumusunod ay tumutukoy sa patakarang pang-ekonomiya na naging dahilan ng paghihimagsik ng 13 kolonyang Ingles sa Amerika, maliban sa:
   A. Ang *Intolerable Acts* na tungkol sa di makatarungan at paglabag ng mga Ingles sa karapatang Amerikano.
   B. Ang *Navigation Acts* na nag-uutos na sa Britanya lamang maaaring ipagbili ang mga produkto ng kolonya.

C. Ang *Stamp Act* na nagtakda ng pagbubuwis sa mga dokumentong pangnegosyo.
D. Ang *Townshend Acts* na nagtakda ng paglikom ng salapi at paghihigpit sa mga kolonya.

6. Ang pahayag ni Patrick Henry na *Give me liberty or give me death* ay nagpasiklab sa:
A. Himagsikang Amerikano
B. Himagsikang Pilipino
C. Himagsikang Pranses
D. Himagsikang Russo

7. Alin sa mga sumusunod ang bumubuo sa mga larangan ng Rebolusyong Pangkaisipan?
A. Agham, pulitika, sining, at kabuhayan
B. Maharlika, alagad ng simbahan, at mga karaniwang tao
C. Mamamayan, teritoryo, pamahalaan, at soberanya
D. Pabahay, pagkain, at edukasyon

8. Ang mga sumusunod ay mga pangyayaring nagpasiklab sa damdaming makabayan ng mga mamamayan sa India, maliban sa isa:
A. Paghamak at mababang pagtingin ng mga Ingles sa mga Hindu
B. Pagkakaroon ng mga pagpupulong at samahan na pinamunuan ng tulad nina Allan Octabian Hume at Mohandas Gandhi
C. Pagpatay sa mga taong mapayapang nagpupulong sa Amritsar, Punjab
D. Pagtataguyod ng Muslim League sa *Basic Democracy* na nagpapatatag sa mga institusyon ng bansa.

9. Ang mga sumusunod na pangyayari ay mga dahilan sa panunumbalik ng demokrasya sa Pilipinas, maliban sa:
A. Pagpapatibay ng Saligang-Batas ng 1987
B. Pagpapatupad ng Batas Militar
C. Pagpaslang kay Sen. Benigno Aquino
D. *People's Power Revolution* sa Edsa

10. Ang gitna ng Aprika ay nanatiling palaisipan para sa mga taga-Europa hanggang sa pagsapit ng 18-siglo dahil sa malawak na disyerto, malalakas na agos ng ilog, makapal na kagubatan, at malalaking hayop. Samakatuwid ang Aprika noon ay:

A. hindi kayang talunin ng mga taga-Europa dahil ang mga mandirigma ng Aprika mahuhusay sa sandatahang pandigma.
B. kontrolado ng Ehipto dahil tanging ang Ilog Nile lamang ang nagdadala ng masaganang buhay sa Aprika.
C. may sariling pamumuhay at kultura bago pa dumating ang mga mananakop na taga-Europa.
D. walang naninirahang tao dahil sa mapanganib na kalupaan at katubigan.

III. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang una at ikalawang pangungusap. Isulat sa patlang ang titik:

A, kung ang parehong pangungusap at TAMA;
B, kung ang parehong pangungusap at MALI;
C, kung ang unang pangungusap ay TAMA at ang ikalawang pangungusap ay MALI at
D, Kung ang unang pangungusap ay MALI at ang ikalawang pangungusap ay TAMA.

__________ 11. Ang mg bansang pinakamalaki at pinakamahalaga sa mga *British Isles* ay ang Britanya at ang Ireland.
Ang kalipunan ng Great Britain at Hilagang Ireland ay tinawag na European Union.

__________ 12. Ang kalipunan ng mga kabalyero at burgesse sa mga usapin tungkol bansa ay tinawag na *House of Lords*.
Ang samahan naman ng mga Baron at alagad ng simbahan ay tinawag na *House of Commons*.

__________ 13. Si Elizabeth I ang pinakahuling Tudor at itinuring na pinakadakilang reyna ng Inglatera.
Sa kanyang panunungkulan naabot ang Ginintuang Panahon ng Inglatera.

__________ 14. Naniwala si Otto Von Bismarck na ang yugto ng kasaysayan ay naisasagawa sa pamamagitan ng dugo at bakal.

Nakilala si Bismarck bilang *Iron Chancellor*.

__________ 15. Si Adam Smith ay kilalang Ama ng Pulitikal na Ekonomiya, at sumulat ng *The Wealth of Nations*.
Naniwala siya sa *laissez-faire* na kailangang hawakan ng pamahalaan ang saping pangnegosyo upang mapangalagaan ang yaman ng bansa.

__________ 16. Ang Samurai ay isang kodigo ng karangalan para sa mga kawal ng bansang Hapon.
Ang Bushido ang tawag sa mahuhusay na kawal ng Hapon sa panahon ng piyudalismo sa bansang Hapon.

__________ 17. Ang India at kalakhang Tsina ay may alitan dahil sa pag-agaw ng kalakhang Tsina sa relihiyong Buddhismo na nagmula sa India.
May sigalot din ang India at Pakistan dahil sa usapin sa Kashmir.

__________ 18. Si Benazir Bhutto ay isang pinunong sibilyan ng Pakistan noong 1990 na maluklok sa kapangyarihan.
Siya ang kauna-unahang babaeng naging Punong Ministro ng isang bansa sa kasaysayan ng daigdig.

__________ 19. Ang Indo-Tsina ay binubuo ng apat na malalayang teritoryo, Pilipinas, Malaysia, Indonesia, at Thailand.
Karamihan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya ay dating kolonya ng mga kanluraning mananakop.

__________ 20. Napasuko ng Estados Unidos ang mga komunista sa Vietnam noong 75 at nanatili ang pwersa nila doon hanggang sa ngayon.
Ang pagkakahati ng Vietnam ay nagsilbing daan sa digmaang sibil ng Hilaga at Timog Vietnam na nagsimula noong 1956.

**ARALIN 1**

**NASYONALISMONG NALINANG SA EUROPA AT SA MGA KOLONYA**

Ang araling ito ay tungkol sa nasyonalismong nalinang sa mga bansa sa Europa tulad ng Inglatera, Pransya, Italya, Alemanya at maging sa Amerika.

Matapos ang araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga bansang pinagmulan ng diwang nasyonalismo sa Europa;
2. Maibibigay ang mahahalagang katangian ng mga piling pinuno sa pagsibol ng nasyonalismo sa Inglatera, Pransya, Italya, Alemanya at Amerika; at
3. Maipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa paglinang ng nasyonalismo.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sa pamamagitan ng mapa ng daigdig ay ituro o lagyan ng tanda ang mga bansang pinagmulan ng diwang nasyonalismo sa Europa at sa mga Kolonya.



Ano ang iyong napansin sa lokasyon ng bawat bansa sa mapa? Sila ba ay magkakalapit o magkakalayo? Bakit sila naging magkakaibigan o magkakatunggaling mga bansa?

## ANG PAG-UNLAD NG NASYONALISMO SA INGLATERA

Ang nasyonalismo ay batay sa paniniwala na ang mga tao sa isang bansa ay may isang wika adhikain, kaugalian, at kasaysayan, at dapat na pamunuan ng isa lamang pamahalaan nang sa gayon makatayo ito bilang isang bansa. Paano umusbong ang nasyonalismo sa Inglatera? Saglit tayong maglakbay sa nakaraan upang maintindihan ang nangyayaring pagbabagong pampulitika sa bansang ito.

Ang *British Isles* ay isang pangkat ng 5,000 isla na nakahiwalay sa Europa sa pamamagitan ng *English Channel*. Ang pinakamalaki at ang pinakamahalaga sa mga isla ay ang Gran Britanya (binubuo ng Inglatera, Scotland at Wales) at ang Ireland (binubuo ng Republika ng Eire at Hilagang Ireland). Ang pagsasama ng Gran Britanya at Hilagang Ireland ay tinawag na *United Kingdom*.

Sa pagitan ng 1000 B. C. at 400 B. C., dumating sa kapuluan ng Gran Britanya ang maraming pangkat ng Celts mula sa Gitnang Europa. Sinakop nila ang mga mamamayan sa dinatnang lupain. Ang mga *Celts* ay may sariling kultura na binubuo ng pamahalaan ng tribo at ng relihiyon na kung tawagin ay *Druidism*. Sila ay nag-aalay ng buhay ng tao at gumagamit ng templong walang bubungan na napapaligiran ng naglalakihang bato tulad ng s*tonehenge*.

Noong 55 B. C., ang mga *Celts* ay sinakop ng mga Romano sa pamumuno ni Julius Caesar. Tinawag silang Britons ni Julius Caesar na ang kahulugan ay mga taong pintados dahil ang mga mukha nila ay may pintang asul. Ang pananakop ng Romano ay tumagal ng apat na siglo at sa loob ng naturang panahon, ang mga Celts ay naging Kristiyano at *Romanized*. Nang alisin ang mga sundalong Romano sa Britanya noong 450 A. D., tatlong tribung Aleman – *Angles, Jules at Saxons* – ang dumating sa Kanlurang Europa at sumalakay sa Britanya. Ang mga *Romanized Celts* ay nasakop ng mga Alemanyang ito at

nang lumaon, ang Britanya ay tinawag na *Angel land* o *England* at ang mga mamamayan ay tinawag namang *Anglo-Saxons o English*.

Ang mga *Anglo-Saxon* ay nagtatag ng maraming hiwalay na kaharian kaya noong 27 A. D., pinagsama-sama ni Haring Egbert, Hari ng Wessex, ang lahat ng ito sa ilalim ng kanyang pamamahala bilang unang hari ng Inglatera. Si Alfred *the Great,* apo at kahalili ni Egbert ang sumunod at itinuring na isa sa pinakamahusay sa mga naging hari ng Inglatera. Nagpagawa siya ng mga barko upang ipaglaban ang mga baybay-dagat. Dahil dito, tinawag siyang Ama ng Hukbong Dagat ng Britanya *(Father of the English Navy)*. Pinagsama-sama niya ang mga unang kodigo ng batas ng mga *Anglo-Saxon* at nagtatag ng mga paaralan, at simbahan. Itinaguyod niya ang pangkat ng mga paham sa kanilang pagsulat ng *Anglo-Saxon Chronicles*.

Ang Inglatera ay napasailalim din ng isang Haring Danish na si Canute, na naging isang matalinong pinuno. Tinanggap niya ang Kristiyanismo at pinanatili niya ang batas Ingles at hukuman. Ang pumalit sa kanya ay malulupit na pinuno kaya noong 1402 ay nag-alsa ang mga Ingles.

Matapos ang mga pag-aalsa, pinili ng Witan (*Council*) si Edward *the Confessor* na buhat sa angkan ni Alfred *the Great*, bilang bagong hari, kaya't nabalik na muli ang mga *Anglo-Saxon* sa kapangyarihan. Nang mamatay si Edward *the Confessor* na walang tagapagmana, pinili ng Witan si Harold, isang nahusay na pinuno ng mga Saxon bagamat hindi dugong mahal. Tinutulan ito ni William, Duke of Normandy (isang lupain sa Pransya), na umangkin ng trono ng Inglatera batay sa kanyang pagiging pinsang-buo ni Edward *the Confessor*. Sinalakay niya ang mga Ingles na pinamumunuan ni Haring Harold. Sa labanan sa Hastings, napatay si Harold at si William ay kinoronahan bilang William I, Hari ng Inglatera.

Ilan sa mahahalagang nagawa ni William ay ang pagpapalakas ng monarkiya at pangangalaga sa katahimikan ng buong kaharian. Pinalaganap niya ang kulturang *Norma-Pranses* at nahalo ito sa kulturang *Anglo-Saxon.* Iginalang niya ang magagandang kaugalian ay Ingles at pinanatili ang Witan. Ipinag-utos din niya ang paggawa ng *Doomsday Book* na siyang naging census ng Inglatera.

Ang mga naging kahalili ni William I ay walang gaanong kakayahan kaya’t nagkaroon ng digmaang pyudal. Ang nagtagumpay ay si Henry Platagenet na kinoronahan bilang Henry II, unang hari ng *Dinastiyang Platagenet.*

**PANIMULA NG DINASTIYANG PLATAGENET**

***Henry II (1154-1189).*** Binago niya at pinabuti ang mga hukuman at nagtatag ng *circuit courts* o mga hukom na naglalakbay sa bayan-bayan. Pinalakas din niya ang panghukumang lupong tagahatol *(jury system)* at pinagtibay niya ang *English Common Law* na nakatulong sa pagkakaisa

***Richard I, tinaguriang Lion-Hearted (1189-1199).*** Isa sa mga lider ng ikatlong krusada, subalit hindi naging mabuting hari at mas madalas pa siya sa mga torneo kaysa sa Inglatera.

**King John (1119-1216).** Isa sa kinamumuhiang hari ng Inglatera dahil mapanikil at naging dahilan ng pag-aalsa ng mga Baron sa pamumuno ni Stephen Langdon. Sa takot na mawalan ng korona, napilitan siyang lumagda sa Magna Carta *(Great Charter)*, isang kasulatan na naglalaman ng sumusunod na karapatan at kalayaan:

1. Ang Hari ay hindi maaaring humingi ng anumang buwis nang walang pahintulot ang Witan *(Council of Nations)*.
2. Walang mamamayang maaaring dakpin o ibilanggo nang walang paglilitis.
3. Walang ari-arian o panindang maaaring kunin sa sinuman nang walang pahintulot ang hukuman.
4. Ang mga mangangalakal ay malayang makapupunta sa bayan-bayan nang walang gugulo sa kanila.

Ang *Magna Carta* ay tinawag na "Unang Bibliya ng mga Karapatang Ingles" *(First Bible of English Liberties)*

**Henry III (1216-1272).**Ang mga Baron ay nag-alsang muli nang labagin ni Henry II ang nilalaman ng *Magna Carta.* Binihag nila ang hari at ang lider nilang si Simon de Monfort ay tumawag ng pulong hindi lamang ng mga Baron at alagad ng simbahan ang kundi pati mga kabalyero mula sa mga bayan at mga burgesses. Ang nasabing Witan na sinalihan ng mga pangkaraniwang mamamayan sa unang pagkakataon ay tinawag na Parlyamento *(Parliament).*

Unti-unting nagbubuklod sa mga pag-uusap ang mga kabalyero at burgesse, at di nagtagal ang kanilang pagsasama ay tinawag na *House of Commons*. Ang samahan naman ng mga Baron at alagad ng simbahan ay tinawag na *House of Lords.* Hanggang ngayon ay ito ang bumubuo sa Parlyamentaryo ng Inglatera.

Natatag ang tinaguriang Modelong Parlyamento at ang panganay na lalaki ni Hery III na si Edward I (1972-1307) ay ipinanganak sa kastilyo ng Carnavon sa Wales. Tinawag niya itong *Prince of Wales.*

**Edward III (1272-1307).** Sa kanyang panunungkulan nagsimula ang pinakamahabang digmaan sa pagitan ng Inglatera at Pransya, Daang Taong Digmaan (1337 hanggang 1453). Ang dahilan ng digmaan ay nang angkinin Ni Edward I ang trono ng Pransya batay sa kanyang pagiging apo ni Philip *the Fair* ng Pransya. Ang mahusay na liderato ng *Black Prince*, ang paggamit ng mahabang busog o pana at ng pulbura ay nakapagpanalo sa mga Ingles sa mga labanan. Subalit nang pamunuan ni Joan of Arc ang hukbong Pranses, ang takbo ng digmaan ay naging panig sa Pransya. Nagpamalas si Joan ng kabayanihan at ginising niya ang damdaming makabayan ng mga Pranses. Sa kanyang pamumuno, puspusang lumaban ang mga Pranses hanggang sa mapalayas nila ang mga Ingles.

Di-nagtagal, sumiklab naman ang isang digmaang sibil sa Inglatera sa pagitan ng dalawang pamilyang parehong umaangkin sa trono, ang *House of York* at *House of Lancaster*. Ang paglalaban ay tinawag na Digmaan ng mga Rosas *(War of Roses)* sapagkat isang pulang rosas ang sagisag ng Lancaster at puti naman ang sa York. Noong 1485, nagtagumpay si Henry Tudor ng Lancaster at siya ay umakyat sa trono bilang Henry VII, ang unang hari ng Dinastiyang Tudor.

**Henry VII (1485-1509).** Tinustusan niya ang paglalakbay ni John Cabot upang siyasatin ang Hilagang America noong 1448. sinuportahan niya ang pagyabong ng arte at literaturang *Renaissance* at pinasigla niya ang pagtuturo ng humanidades.

**Henry VIII (1509-1547).** Kilala si Haring Henry VIII sa pagkakaroon ng maraming asawa. Dahil dito, nagkaroon ng hidwaan si Haring Henry VIII at ang Papa ng Simbahang Romano Katoliko. Inudyukan Haring Henry ang Parlyamento upang pagtibayin ang batas na *Act of Supremacy* na naghihiwalay sa simbahan ng Inglatera sa kapangyarihan ng Papa. Si Henry bilang hari ang siyang naging puno ng Simbahang Ingles o ang *Anglican Church.*

**Edward VI (1547-1553).** Sa panahon ng kanyang panunungkulan, ipinasulat niya kay sinulat ni Arsobispo Cramer ang *Thirty-nine Articles* na siyang kabuuan ng mga paniniwalang sinusunod ng Simbahang Anglican.

**Mary Tudor (1553-1558).** Kasal kay Philip II ng Espanya si Mary Tudor. Niyakap niya hindi lamang ang paniniwalang Katoliko kundi pati na ang motibo ng Espanya na labag sa paniniwalang Katoliko at kapakanang pangkalakalan ng Britanya.

Sinikap ni Mary Tudor na ibalik ang Katolisismo sa Inglatera subalit siya ay nabigo. Sa kanyang panahon ay pinag-usig ang mga Protestante at marami sa kanila ang namatay. Dahil dito, tinawag siyang *Bloody Mary.*

**Elizabeth I (1558-1604).** Siya ang pinakahuling Tudor at itinuring na pinakadakilang reyna ng Inglatera. Ang kanyang 45 taong panunungkulan ay tinaguriang Ginintuang Panahon ng Inglatera *(Golden Age of England)*. Sa kanyang pamumuno, naging *Mistress of the Seas* ang Inglatera nang talunin nito ang *Spanish Invincible Armada* na ipinadala ni Philip II ng Espanya noong 1558 upang sakupin ang mga Ingles. Nagtatag siya ng mga kolonyang Ingles sa Amerika kung saan ang Estadong Virginia ay ipinangalan kay Reyna Elizabeth na may taguring *Virgin Queen* sapagkat hindi siya nag-asawa. Namukadkad din ang literaturang Ingles dahil sa mga naisulat nina William Shakespeare, Edmund Spencer, Ben Johnson, Francis Bacon, at iba pang dakilang manunulat na Ingles.

**James (1603-1625).** Sa kanyang panahon, itinatag sa Virginia noong 1607 ang *Jamestown*, unang permanenteng pamayanang Ingles sa Amerika. Inilathala sa Inglatera ang King James ng Bibliya. Naging mapanikil si James I sa mga Puritan. Sakay ng bapor na *Mayflower,* ang mga *Pilgrim Fathers* na Puritan ay lumikas at nakarating sa isang bagong pamayanan sa Plymouth, Massachusetts noong 1620 upang layuan ang mapanikil na Haring James.

**Charles I (1625-1649).** Napilit siya ng Parlyamento na lumagda sa *Petition Rights*, isang kasulatang tulad ng *Magna Carta* na nilagdaan ni Haring John noong 1215. Ang ilan sa mga karapatang nilalaman nito ay ang mga sumusunod: walang buwis na maaaring ipataw nang walang pahintulot ang Parlyamento; walang maaaring mabilanggo nang hindi nilitis ng *jury*; walang sundalong maaaring tumira sa bahay ng mayayaman sa panahon ng katahimikan at walang taong maaaring piliting magbigay ng regalo o donasyon kaninuman.

Ang digmaang sibil na tinawag na *Puritan Revolution* ay humati sa mga mamamayan sa dalawang pangkat: ang *Cavaliers o Royalists* na panig kay Charles I at ang *Parliamentarians o Roundheads* na panig sa Parlyamento. Sa pamumuno ni Oliver Cromwell, isang lider Puritan, natalo ng mga *Roundheads* ang pangkat ng hari. Nabihag si Charles I at nagsimula sa Inglatera ang pagkakaroon ng mga partidong pampulitika. Ang *Whigs* ay katig sa pagbibigay ng kapangyarihan sa Parlyamento at karapatan sa mga mamamayan samantalang ang *Tories* ay panig sa hari. Ito ang kasalukuyang mga partido sa Inglatera, ang *Whigs* ay *Liberal Party* sa kasalukuyan at ang *Tories* naman ay ang *Conservative Party.*

**James II (1685-1688).** Nilagdaan niya ang Bill of Rights, kasulatang naging Ikatlong Bibliya ng mga Karapatang Ingles (*Third Bible of English Liberties*). Naging pananggalang ito laban sa paninikil. Nasasaad sa mga kautusan ang sumusunod: walang batas ang maaaring alisin at suspendihin ng hari; walang buwis ang maaaring singilin nang walang pahintulot ang Parlyamento; walang labis na piyansa o multa sa mga nagkasala; walang di-pangkaraniwang parusa ang maaaring ilapat; at ang mga kagawad ng Parlyamento ay may kalayaan sa pagsasalita at pagtatalo.

**Charles II (1660-1685).** Sa pagkakabalik ng Stuarts (*Restoration*) ay inanyayahan ng Parlyamento si Charles II na magbalik upang maging hari ng Inglatera. Pinagtibay ang *Habeas Corpus Act*, batas na nagbibigay ng proteksyon sa mga tao laban sa pagkabilanggo nang walang paglilitis, at ang patakaran na ang kabinete ang siyang may pananagutan sa Parlyamento at hindi sa hari o sa reyna.

**Queen Anne (1702-1714).** Pinagtibay ng Parlyamento ang *Act of Union* nang panahon ni Queen Anne. Ito ang batas na nagsama sa Inglatera at Scotland sa isang unyon na tinawag na Gran Britanya. Pinasimulan ni Queen Anne ang isang kaugaliang sinusunod pa hanggang ngayon, na ang mga hinirang para sa kabinete ay buhat sa partidong nakararami *(majority party)* sa Parlyamento.

Namatay si Queen Anne na walang tagapagmana kaya't pinili ng Parlyamento si George I ng Hanover, Germany na Protestanteng apo ni James I, bilang hari ng Inglatera. Dito nagsimula ang pag-akyat ng Dinastiyang Hanoverian na hanggang sa kasalukuyan ay nasa trono ng Britanya, bagamat ang apelyido ay napalitan ng *Windsor* noong Unang Digmaang Pandaigdig.

## Ang Pag-unlad ng Nasyonalismo sa Pransya

Ang Pransya ang nanguna sa Europa pagkakamit ng pambansang pagkakaisa. Ang Himagsikang Pranses ay isang hudyat na gumising sa mga bansang kanluran na sila ay magkaisa at ipaglaban ang kanilang kalayaan. Ang Pransya ang nagbigay daan sa pag-unlad ng nasyonalismo.

Ang Pransya ay tirahan ng mga *Celts.* Nang dumating dito ang mga Romanong pinamumunuan ni Julius Caesar, sinakop ang mg *Celts* at tinawag ang lupaing Gaul. Ang buong Gaul ay tinawag na *France*, lupain ng mga Frank.

Si Clovis ang pinakamagaling na hari ng mga Frank, at siyang nagtatag ng *Metrovingian Dynasty.* Tinanggap ni Clovis ang Kristiyanismo at gumawa siya ng maraming batas, isa rito ang *Salic Law* na nagbabawal sa kababaihan na magmana ng trono.

Ang mga haring sumunod kay Clovis ay naging mahina kaya't dumating ang panahong ang mayor ng palasyo ay naging mas makapangyarihan pa kaysa sa hari. Isa sa mga mayor na ito ay si Charles Martel na siyang tumalo sa mga Muslim sa labanan sa *Tours* at pumigil sa paglaganap ng Islam sa Europa. Ang kanyang anak na si Pepin ang naging mayor ng palasyo. Noong 751 A.D., sa kapahintulutan ng Papa Stephen 11, inagaw ni Pepin ang trono ng Pransya at itinatag niya ang *Carolingian Dynasty*. Bilang pagkilala ng utang na loob sa Papa, tinalo ni Pepin ang mga Lombard na nagtangkang sumakop sa Roma at inihandog niya sa simbahan ang malaking lupain. Ang donasyong ito ni Pepin ang naging batayan ng kapangyarihang temporal ng Papa bilang puno ng isang teritoryo sa Italya.

Ang pinakadakilang hari ng *Carolingian Dynasty* ay si Charlemagne na tinatawag na *Charles the Great*, anak at tagapagmana ni Pepin. Tumulong siya sa pagkalat ng kabihasnang Kristiyano Romano at itinaguyod ang edukasyon sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga paaralan sa palasyo o *palace school* at pagtuturo ng mga paham. Nagtaguyod din si Charlemagne ng mga makatarungang batas na kilala sa tawag na *Capitularies*. Nagpadala rin siya ng mga tauhan sa lahat ng sulok ng kanyang kaharian upang siguruhin ang mabuting kalagayan ng mga mamamayan.

Nang araw ng Pasko, 800 A. D., habang nakaluhod si Charlemagne sa simbahan ng St. Peter sa Roma, bigla siyang pinutungan ng korona ni Papa Leo III at ipinahayag na Emperador. Nang lumaon ang kanyang imperyong Carolingian ay tinawag na *Holy Roman Empire*. Sa pagkamatay ni Charlemagne, ang kanyang anak na si Louis *the Pious* ang naging hari. Siya ay walang kakayahan bilang hari kaya hindi naglaon ang tatlong anak ni Louis ay nagkasundong hatiin ang imperyo sa pamamagitan ng kasunduan sa Verdun *(Treaty of Verdun)*.

**ANG PAMAMAHALA NG CAPETIAN**

Noong 987 A.D., nakuha ng Duke ng Paris, si Hugh Capet, ang trono ng Pransya at itinatag niya ang *Capetian Dynasty*. Ang sumusunod ay ilan sa mga hari ng ng *Capetian Dynasty* at ang mahahalagang pangyayari sa kanilang panahon;

**Philip II, Kilala sa Tawag na Philip Augustus.** Pinagbagsak niya ang piyudalismo sa Pransya at pinalakas niya ang kanyang kapangyarihan. Pinalawak din niya ang kaharian sa pamamagitan ng pagsamsam sa mga lupaing sakop ng Inglatera sa Pransya. Bilang resulta, naging isang makapangyarihang bansa ang Pransya sa Europa.

**Philip IX, tinaguriang Saint Louis.** Pinabuti niya ang mga hukuman at ipinagbawal niya ang paglilitis sa pamamagitan ng dwelo *(duel).* Tinalo niya ang baron at pinalaya niya ang maraming alipin. Siya ang namuno sa dalawang krusada sa banal na lupain ng *Palestine* noong 1248 at 1270. Siya rin ang tanging hari na naging santo ng Simbahang Katoliko. Sa lahat ng haring namuno noong panahon ng midyibal, siya lamang ang maaaring maihambing kina Alfred *the Great* at Charlemagne.

**Philip IV, Tinaguriang Philip the Fair.** Naipailalim niya sa kanyang kapangyarihan ang lahat halos ng mga estadong piyudal sa Pransya. Noong 1302, isinali niya ang mga pangkaraniwang mamamayan *(commoners)* sa *Estates General* o Parlyamento sa Pransya, kaya't ito'y nagkaroon ng tatlong pangkat: ang mga alagad ng simbahan ang *First Estate*, ang mga maharlika ang *Second Estate*, at ang *commoners* ang *Third Estate*.

Si Phillip *the Fair* ay hinalinhan ng kanyang anak na si Charles IV. Sa pagkamatay ni Charles IV, ang korona ay napunta sa isang pamangkin, si Philip VI, na siyang naging unang hari ng Dinastiyang Valois. Dahil dito, inangkin ni Edward III, hari ng Inglatera ang trono ng Pransya batay sa kanyang pagiging apo ni Philip *the Fair* sa panig ng ina. Ang pagsalakay ni Edward III sa Pransya noong 1337 ang naging simula ng *Hundred Years War* o Daantaong Digmaan , ang pinakamatagal na digmaan sa kasaysayan.

Malaki ang naging epekto ng Daantaong Digmaan. Dito tunay na nagising ang diwang nasyonalismo ng mga mamamayang Pranses. Ang pagkamatay ng maraming maharlika at kabalyero sa iba't ibang labanan ay nagwasak sa piyudalismo at naging dahilan ng pagkakaroon ng Pransya ng isang malakas na monarkiya.

Ang mga hari ng Pransya ay naging absolutong pinuno ng bansa sa tulong ni Cardinal Richelieu. Pinangarap ni Haring Louis XIII na manguna ang Pransya sa Europa. Nagkaroon ito ng kaganapan sa pamamagitan ng reporma na ginamitan ng dahas at kapangyarihan. Ang ganitong pamamalakad ay ipinagpatuloy ni Cardinal Mazarin.

**Pagbagsak ng Monarkiyang Pransya**

Ang kapangyarihang tinamasa ng Pransya ay unti-unting nasira dahil na rin sa pagmamalabis at pagkalasing sa kapangyarihan ng mga namuno rito. Nang mamatay si Philip XIII, pinalitan siya ni Louis XIV na noon ay limang taong gulang pa lamang. Pinakamatagal ang kanyang panunungkulan sa Pransya na umabot sa 72 taon. Sa panahong iyon, ang Pransya ay naging huwaran, ang wikang Pranses ay nagsilbing wika ng ugnayang diplomatiko ng mga bansa at ang mga palasyo ng Versailles ang naging sentro maraming ng marangyang pagtitipon ng mga maharlika. Subalit ito rin ang simbolo ng labis na paglustay ng salapi.

Sa panahon ni Louis XIV, ang hukbong Pranses ay naging modelo sa pagsasanay at sa pakikipagdigma. Ipinahayag ni Louis XIV ang mga salitang "Ako ang Estado," bilang pagbibigay diin sa absolutong kapangyarihan at banal na karapatan ng mga hari. Tinawag din si Louis XIV na Dakilang Monarko. Ginugol niya ang kanyang panahon sa pagtatanggol sa hangganan ng bansa.

Subalit ang karangyaan at labis na paglustay sa magastos na daantaong digmaan ay nagpabagsak sa ekonomiya ng Pransya. Bukod dito, ang bigat ng mataas na buwis ay nagpahirap sa mga mamamayan at dahil dito, nagsimulang umusbong ang paghihimagsik sa katotohanang habang ang buong bansa ay naghihirap, ang monarko naman ay namumuhay nang masagana at marangya. Ang kalagayang pulitikal at panlipunan sa Pransya ay lalong lumala sa panahon ni Louis XV, apo ni Louis XIV.

Sa gitna ng ganitong kalagayan, may pangkat ng lipunan na binubuo ng mga negosyante, bangkero, mambabatas at mangangalakal ang nagsimulang sumalungat sa monarkiya.. Iginiit nila ang pagkakaroon ng karapatan at kapangyarihan ng mga karaniwang tao.

Tinuligsa nila ang banal na karapatan sa pamumuno ng iisang pinuno. Sa halip ay kanilang iginiit ang prinsipyong *Vox Populi, Vox Dei* na nangangahulugang “Ang tinig ng nakakarami ang siyang dapat mamuno sa pamamagitan sa paghahalal sa mga kinatawan buhat sa mga ito. Humingi rin sila ng kaluwagan at pagbabago lalo na sa mabigat na pagbabayad ng buwis.

Sa halip na pakinggan ang mga karaingan ng mga mamamayan, lalong namuhay sa karangyaan ang mga maharlika at ang monarkiya. Upang maputol ang pagtutol ng mga tao, hinigpitan ng hari ang palimbagan, ang mga sulat ay pinabuksan at ipinabilanggo ang mga radikal na manunulat. Bago tuluyang magtapos ang pamamahala ni Louis XV, winika niya ang ganito: Pagkatapos ko, ang dilubyo.

Noong 1774, namuno si Louis XVI, isa siyang mabait na tao, ngunit hindi niya taglay ang mga katangian ng mga naunang Bourbon. Wala siyang katatagan, tapang at talino sa pamamahala. Lalong di matanggap ng mga mamamayan ang asawa niyang si Marie Antoinette, na dahil sa kahusayang maglustay ng salapi tinawag na *Madame Deficit*. Itinalaga ni Louis XVI si Turgot bilang tagapayo sa ekonomiya. Agad bumuo si Turgot ng isang napapanahong programa upang sagipin ang Pransya. Mahigpit na tumutol ang mga burgis na isuko ang kanilang mga karapatan at mga kaluwagan. Hindi rin nagbago ang kalagayan ng mga Pranses.

## Ang Nasyonalismo at ang Unipikasyon ng Italya

Nang panahon umuusbong ang nasyonalismo sa Inglatera at Pransya, ang Italya ay isang watak-watak na bansa, bagamat pansamantalang nagkaisa ang ilang bahagi nito sa ilalim ng pamumuno ni Napoleon I. Noong 1815, sa Kongreso ng Vienna, ang Italya ay pinaghatian ng iba't ibang pinuno at bansa. Ang Lombardy at Venice sa Hilaga ay napunta sa Austria. Pinamunuan naman ng pamilyang Hapsburg ang Parma, Modenna at Tuscany. Ang Papa ay namahala sa Estado ng Papal, kasama ang Roma, sa gitnang Italya. Isang Bourbon ang namuno sa kaharian ng dalawang Sicily. Ang kaharian ng Sardinia na binubuo ng Piedmont ay napasailalim sa hari ng *House of Savoy*.

## Mga Kilusang Pangkalayaan

Isa si Giuseppe Mazzini (1805-1872) sa mga taong gumising sa makabayang damdamin ng mga Italyano. Ang kanyang pagsisikap para sa kalayaan ay parang isang

panatang relihiyon.  Ang kanyang paniniwala sa pagkakapatiran ng tao ang nag-udyok sa kanya na tangkilikin ang kapakanan ng mga mahihirap na mamamayan.  Noong kanyang kabataan, sumapi si Mazzini sa  Karbonari at minsan, naaresto siya dahil sa kanyang rebolusyonaryong gawain.  Iniwan niya ang Karbonari at itinatag niya ang Samahan ng Batang Italya *(Society of Young Italy)* na binuo ng mga batang Italyano.  Ang kanilang islogan ay Kalayaan, Pagkakapantay-pantay, at Humanidad o Pagkamakatao.  Maraming kasapi ang namatay nang hindi naitatag ang Republika.  Naipatapon si Mazzini ngunit ang kanyang pinasimulan ang nagsindi ng apoy sa puso ng mga Italyano.  Tinawag siyang Propeta sa Pag-iisa ng Italya.

Si Konde Camilo Cavour (1810-1861) ang pangunahing Minister ng Sardinia-Piedmont ay tulad din ni Mazzini na praktikal at ideyalisa. Naisip niyang maaring mamuno ang kaharian ng Sardinia para sa unipikasyon ng  Italya.

Bagamat tapat ang kanyang paglilingkod kay Haring Victor Emmanuel II, naniwala si Cavour sa Pamahalaang Parlyamentaryo.  Humingi siya ng tulong sa gitnang uri ng tao upang ihanda ang pakikipaglaban ng Sardinia sa Austria.  Nagsikap siyang makakuha ng tulong sa Europa.  Naging kakampi niya ang Britanya at Pransya laban sa Russia sa Digmaang Krimian.  Sumunod, nakipagkasundo siya ng lihim kay Napoleon III.  Pinangakuan niya si Napoleon III ng dalawang lalawigan, ang Nice at Savoy, kung tutulungan sila ni Napoleon III sa pagpapaalis sa Austria sa tangway ng Italya.  Ikatlo, pinagkagalit ng matalinong si Cavour ang Austria at Sardinia na humantong sa isang labanan noong 1859. Nanalo ang Sardinia ngunit umurong sa laban si Napoleon III.  Bagamat hindi tumupad si Napoleon III sa kasunduan, ibinigay pa rin Cavour kay Napoleon III ang Nice at Savoy.

Si Giuseppe Garibaldi (1807-1882) na may ginintuang buhok at may balat na parang bronze ay katutubong mamamayan ng Nice na nakilahok din sa mga himagsikan laban sa mga malulupit  na pinuno ng estado.  Siya ay tumakas sa Timog Amerika noong 1830 dahil sa gantimpala sa kanyang ulo.  Doon, nakianib siya sa mga labanan para sa demokrasya at nasyonalismo sa ilang bansa sa Latin Amerika.  Sinanay ni Garibaldi ang ibang Italyanong ipinatapon sa Amerika sa pakikilaban.  Bumalik siya sa Italya, kasama ang 18 taong gulang na asawa na si Anita muling mapag-isa ang Italya.

Napaniwala si Garibaldi na ang unipikasyon ng Italya ay mapapabilis kung makikipagtulungan siya kay Gavour at sa monarkiya ng Sardinia.  Noong 1860, kasama ang

isang libong sandatahan, sinalakay at nilupig ni Garibaldi ang pulo ng Sicily at Naples, sa tulong ng kanyang *Red Shirts.* Noong 1860, lahat ng mga Estadong Papal maliban sa Roma ay nadagdag sa Italya. Noong 1861, hinirang si Victor Emmanuel bilang hari ng Italya.

Ang Italya ay naging kapanalig ng Pransya sa Digmaang Austria-Prussia noong 1866. Nang manalo ang Prussia ibinigay ang Venice sa Italya. Nang mga taong ding iyon, lahat ng mga estado ng Italya sa pagitan ng dalawang dagat at bundok ng Alps ay napag-isa ng maliban na lamang sa Roma.

Nang pinauwi ni Napoleon III ang mga tropang Pranses mula sa Banal na Lungsod, isang plebisito ang naganap, at bumoto ang mga mamamayan sa pagsanib ng Roma sa Bagong Kaharian. Naging kapital ng Italya ang Roma, kaya sa wakas, nakumpleto na ang unipikasyon ng Italya.

**Tungo sa Unipikasyon ng Alemanya**

Ang nasyonalismo sa Alemanya ay nagsimula noong panahon ni Otto Von Bismarck (1815-1833), isang minister ng Prussia. Siya ay nanggaling sa isang konserbatibong pamilya. Ang kanyang paniniwala at pilosopiya ay nakatulong nang malaki sa paghubog ng Aleman at sa unipikasyon nito. Naging kinatawan siya ng Prussia sa Diet (Parlyamento) ng Alemanya at naging embahador din siya sa Russia at Pransya. Naniniwala si Bismarck na ang lahat ng pangunahing pagbabago sa kasaysayan ay dapat isabuhay sa pamamagitan ng dugo at bakal at hindi sa pamamagitan ng puro debate. Naniwala siya sa monarkiya, awtokrasya, at militarismo. Tinawag siyang *Iron Chancellor.*

Mula noong 1815 hanggang 1860, maraming pangyayari ang nagbigay-daan sa unipikasyon ng Alemanya. Maraming mga lihim na kilusan ang naitatag kagaya ng Burchenschaft para sa kalayaan at pagsasarili. Maraming mamamayan ang nagbigay halaga sa kagitingan at kataasan ng kulturang Aleman. Binigyang-diin ng mga paaralan ang kahalagahan ng pagmamahal sa bansa. Noong 1834 itinatag ang Zollverein sa Prussia. Ito ay isang unyong pangkabuhayan ng lahat ng mga estadong Aleman. Ipinamalas ng unyon ang kahalagahan ng pagkakaisa, na siyang diwa ng tunay na pagtitiwala.

1. Pitong Linggong Digmaan (1866)

    Inudyukan ni Bismarck na lusubin ng Austria ang mga teritoryong inangkin ng Denmark. Naging dahilan ito upang salakayin ng Prussia ang Austria. Organisado at handang-handa ang hukbo ni Heneral Moltke ng Prussia kaya madaling natalo ang hukbo ng Austria. Bilang kapalit, pinawalang-bisa ang kompederasyong Aleman at sinakop ang ilang teritoryong nasa Hilaga ng Ilog Main, ang Schleswig at Holstein.

2. Digmaang Austria-Prussia (1866)

    Tinalo ng Prussia ang Austria sa labanang ito at dito naipamalas ang lakas at galing ng hukbong Prussian. Pagkatapos talunin ang Austria, nawala ang kompederasyon ng Alemanya at pinag-isa ang mga estado na tinawag na Hilagang Kompederasyon ng Alemanya. Apat na estado sa Timog Alemanya ang hindi kasapi; ang Baden, Bavaria, Wurttemberg, at Hesse.

3. Digmaang Franco-Prussian (1870)

    Nagsimula ang digmaang ito nang ang embahador ng Pransya ay humingi ng katiyakan sa hari ng Pransya ukol sa inialok sa trono ng Espanya ng isang prinsipe ng Prussia. Hindi ipinagkaloob ng Prussia at isang mensahe ang ipinalabas na tinawag na *Ems Dispatch*. Sa mensahe ay lumalabas na ang bawat bansa ay gustong hamakin ang bawat isa. Nagdeklara si Napoleon ng digmaan laban sa Prussia na humantong sa pagkatalo ni Napoleon. Ang digmaang ito ay nabigyang wakas ng kasunduan sa Frankfurt. Isang konstitusyon ang binuo at ang isang nilalaman ay ang pagbuo ng Reichstag o batasan na halal ng mga tao. Ang *chancellor* o punong ministro ay hinirang ng *kaiser* o hari. Itinalagang *chancellor* si Bismarck subalit siya ay naging marahas. Sinupil niya ang mga kaisipan at kilusang liberal. Sa mga taong 1871 hanggang 1914, ang Alemanya ay naging isa sa pinakamalakas at makapangyarihang bansa sa Europa. Umunlad at naging karibal ng Britanya sa larangan ng pangangalakal.

## Ang Pag-unlad ng Nasyonalismo sa Amerika

Bunga ng mga kaisipang liberal na kumalat sa Espanya at Amerika noong ikalabingwalong siglo, ang mga kolonya ng Espanya ay naghimagsik laban sa inang bayan upang makamit ang kanilang kalayaan. Marahil ay nagtataka ka kung paano nakarating ang mga Espanyol sa Amerika? Tinustusan nina Haring Ferdinand at Reyna Isabela ng Espanya ang paglalakbay ni Christopher Columbus, isang marino na taga-Italya. Naniwala si Columbus na mararating niya ang Indies sa pamamagitan ng paglalayag patungong kanluran. Kahit na si Columbus ang unang marinero na nakarating sa Hilagang Amerika hindi ito naipangalan sa ngalan ni Columbus kung di kay Amerigo Vespucci. Si Amerigo Vespucci ay sumulat ng isang aklat tungkol dito.

Ang paninirahan sa Amerika ang pinakamahalagang bahagi ng pagpapalawak ng Espanya. Ang mga bagong nanirahan doon ay galing sa tatlong sentro sa Espanya, Pransya, at Inglatera. Sinikap ng Espanya na palawakin ang kanyang mga lupain kaya nakarating ang mga Europeo sa pagtuklas nito sa kontinenteng Amerika. Ang Hilagang Sentral at ang Timog Amerika ay sinakop at pinamahalaan ng mga taga-Europa sa mahabang panahon. Lahat ng mga kolonyang ito ay naghimagsik Espanya hanggang sa nakamit nila ang kanilang kalayaan.

## Ang Paninirahan ng mga Ingles sa Amerika

Nabanggit na sa simula ang pagdating ng mga Ingles sa Virginia, simula sa Jamestown noong 1607. Nagtagumpay ang mga Ingles sa pagtatatag ng maunlad na gawaing pang-agrikultura. Noong 1620, isang kolonya ang itinatag naman sa Massachusetts ng mga Puritan at imigrante. Ayon sa *Mayflower Compact,* isang kasunduan ng mga pasahero ng sasakyang-dagat na Mayflower patungong Amerika, isang asemblea ng mga malalayang mamamayan ang dapat mamahala sa itatatag na pamahalaan nila. Subalit naging sunud-sunuran din ang mga ito sa mga patakaran ng hari. Noong 1630, ang mga imigrasyon sa mga kolonya ng New England ay umunlad at noong 1634, isang kolonya


mga ng Ingles ang itinatag sa Maryland. Nang maglalabingwalong siglo, may labintatlong kolonya na ang itinatag sa may silangang baybayin ng Hilagang Amerika.

Marami sa ideyang bunga ng Rebolusyong Pangkaisipan ay may kulay pulitika at ito ang kaisipang pulitikal sa Rebolusyon na isinagawa ng 13 kolonyang Ingles sa Amerika. Ang rebolusyong Amerikano ay nagsimula noong panahong 1763.

Ang patakarang pang-ekonomiya ng mga Ingles ay lubos na nagpasidhi sa pag-aalsa ng 13 kolonya. Ang *Navigation Acts* ay nag-uutos na sa mga Ingles lamang maaaring ipagbili ang ilang produkto ng kolonya at ang kolonya ay bibili ng mga yaring produkto sa Inglatera lamang. Ang malaking pagkakautang ng Britanya dahil sa pakikidigma, ang pagtulong sa mga Amerikano laban sa kaaway, ang hayagang alitang nagsimula nang itakda ang *Townshed Acts* tungkol sa paglikom ng pera, ay nagresulta sa loob pang paghihigpit sa mga kolonya.

**Pagsiklab ng Himagsikan sa Amerika**

Ang mga tumutol sa palakad ng mga Ingles ay dumami noong panahon ng pamamahala ni Samuel Adams. Ang unang Kongresong *continental* ay nagpulong noong 1774. Ipinahayag dito na ang *Intolerable Acts* ay hindi makatarungan at ang Parlyamentong Ingles ay lumalabag sa karapatang Amerikano. Ang pahayag ni Patrick Henry na "*Give me liberty or give me death,*" at ang aklat ni Thomas Paine na *Common Sense* ay gumising sa damdaming Amerikano. Itinuring nilang ang kalayaan ng Amerika ay kalayaan din ng mundo. Nagtayo sila ng hukbong sandatahan sa ilalim ng pamumuno ni George Washington. Noong ika-4 ng Hulyo, 1776, ipinahayag ng kongreso ang Deklarasyon ng Kalayaan na isinulat ni Thomas Jefferson. Lihim na tinulungan ng mga Pranses ang mga Amerikano laban sa mga Ingles. Ang pagkatalo sa Yorktown ng mga Ingles ang nagwakas ng digmaan at nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Paris noong 1783. Napilitang kilalanin ng mga Ingles ang kalayaan ng 13 kolonya.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Punan ang bawat kahon sa ating talahanayan ng mga mahahalagang pangyayari na nagbigay-daan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Europa at sa mga kolonya. Subalit bago mo iyan gawin, pagbalik-aralan mo muna ang ibig sabihin ng salitang nasyonalismo mula sa pahina 8. ito ang magiging batayan mo ng pagpili ng angkop na pangyayari na isusulat mo sa talahanayan.

*Kahulugan ng Nasyonalismo:* Ito ay isang paniniwala na ang isang bansa ay nararapat na nabubuklod ng isang wika, adhikain, kaugalian, at kasaysayan at pinamumunuan ng isa lamang pamahalaan upang makatayo bilang isang malayang bansa.

| Inglatera | Pransya | Italya | Alemanya | Amerika |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Tandaan mo**



- Ang nasyonalismo ay ang kamalayang pambansa na pinakbubuklod ng isang mithiin, damdamin, wika, kaugalian ay kasaysayan at nagtataguyod ng isang pamahalaan upang makatayo bilang isang malayang bansa.
- Sa mga bansang Inglatera, Pransya, Italya at Alemanya at sa mga kolonya ng mga bansang ito sumibol ang diwa ng nasyonalismo sa Europa at Amerika.
- Sa Inglatera, nahubog ang pagiging matapat sa hari at reyna ang pagiging matapat din ng mga mamamayanng Ingles sa kanilang bansa at sa mga mithiin nito. Ang pagmamalaki sa pagiging makapangyarihan ng Inglatera simula pa noong ika-12 siglo, ang matibay na katayuan ng mga hari at reynang namuno at nagpalawak ng kapangyarihan ng Inglatera sa Europa ay nakapaghubog ng pagmamahal sa bayan at sa monarkiya, na isang batayan ng nasyonalismo.
- Sa Pransya, ang paghihimagsik ng mga Pranses sa pag-aabuso ng kapangyarihan ng mga monarkiya ay naging hudyat upang gumising ang mga mamamayan sa mga bansang kanluran na pamunuan ang kanilang mga sarili at ipaglaban ang kalayaan. Ang kanilang islogan ay "*Vox populi, Vox dei.*"
- Sa Italya, ginising ni Guiseppi Mazzini ang makabayang damdamin ng mga Italyano sa pamamagitan ng islogang "Kalayaan, pagkakapantay-pantay, at Humanidad." Ang unipikasyon ng Italya ay isang sukatan din ng diwa ng nasyonalismo sa bansang ito.
- Ang unipikasyon ng Alemanya sa pamumuno ni Otto Von Bismark ang gumising ng diwa ng nasyonalismo sa mga Aleman. Sa maraming taon ng pakikidigma sa ibang bansa, natanim sa diwa ng mga Aleman ang Pagmamahal sa bayan.
- Sa Amerika, ang mga Ingles na nagtayo ng kolonya sa iba't ibang bahagi nito ay natutong magsarili. Naipakita ang nasyonalismo sa kanilang pagtangging sundin ang mga patakarang pang-ekonomiya ng Inglatera na hindi angkop sa bagong daigdig. Ang pahayag ni Thomas Paine na "*Give me liberty, or give me death*," (Bigyan ninyo ako ng kalayaan; kung hindi'y kamatayan,) ang gumising sa diwang nasyonalismo ng mga Amerikano. Ang Deklarasyon ng Kalayaan ni Thomas Jefferson ay isa pang sagisag ng nasyonalismong nalinang sa Amerika.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Matapos mong mabasa at maunawaan kung paano nalinang ang diwa ng nasyonalismo sa Europa at mga kolonya dito, ay sikapin mong suriin ang pangyayari sa ating sariling bayan na nakatulong tungo sa paglinang ng nasyonalismo sa Pilipinas.


| Mahahalagang katangian ng isang pinunong Pilipino na nagpasibol ng nasyonalismo sa bansa: | Pangyayari sa ating bayan na nagbigay daan sa paglinang ng nasyonalismo |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

**ARALIN 2**

## REBOLUSYONG PANGKAISIPAN AT ANG PAG-UNLAD NG NASYONALISMO



Ang araling ito ay tungkol sa kaugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa mga bansang naging kolonya ng mga bansang Europeo. Anu-ano ang mahahalagang kaganapan sa loob ng ika-19 at 20 siglo na may kaugnayan sa nasyonalismo? Anu-ano rin ang mahahalagang kaisipang naging gabay sa mga gawaing pang-nasyonalismo noong mga panahong iyon? Ang mga tanong na ito ang sasagutin ng aralin.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maiisa-isa ang mga kaisipang lumaganap sa pag-unlad ng nasyonalismo;
2. Masusuri ang mga kaisipang napalitan at kaisipang umunlad dulot ng nasyonalismo; at
3. Maipapaliwanag ang mahahalagang pangyayari sa labas ng Europa noong ika-19 at 20 siglo na nagbigay daan sa paglaganap ng diwa ng nasyonalismo sa buong daigdig.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Anu-ano kaya ang mga kaisipang lumaganap sa pag-unlad ng nasyonalismo sa buong daigdig? Talasan ang mga mata at bilugan ang mga salita na iyong makikita, maaring patayo, pahalang o padayagonal. May 10 salitang maaring mabuo.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | S | D | F | G | R | R | R | W | A | S | F | G | H | S | A | Q | F | H | K | L | R | A | S | A |
| K | L | A | P | A | G | K | A | K | A | P | A | N | T | A | Y | P | A | N | T | A | Y | B | B | K |
| B | P | G | A | R | D | W | V | R | E | B | U | L | O | S | G | N | J | K | L | I | W | E | C | V |
| E | A | H | N | E | X | K | M | S | I | N | I | L | I | H | A | H | K | A | S | A | S | D | F | G |
| N | G | A | G | D | C | A | H | J | H | A | Y | S | I | A | S | C | A | A | B | I | U | Y | R | C |
| S | K | N | G | S | V | B | H | B | A | B | E | S | A | T | S | D | B | M | A | S | A | S | V | E |
| D | A | L | I | A | B | U | G | P | U | L | I | T | A | K | I | V | U | S | F | S | B | N | M | S |
| G | K | I | T | F | R | E | B | O | L | U | S | Y | O | N | J | K | H | K | X | D | R | T | Y | A |
| R | A | B | N | Y | M | T | F | J | A | Y | S | J | U | N | C | O | A | C | E | S | A | R | M | O |
| Y | P | R | A | O | P | G | S | S | A | A | E | O | U | I | S | U | Y | M | A | L | A | Y | K | O |
| A | A | E | N | I | O | D | A | I | R | S | I | G | U | R | O | I | A | E | W | A | N | K | O | H |
| D | N | A | G | F | U | A | Z | K | A | L | A | Y | A | A | N | I | N | S | I | N | I | G | N | G |
| F | T | S | U | D | T | S | O | L | I | B | E | R | A | L | I | S | K | I | H | E | H | A | H | E |
| Z | I | V | R | S | W | M | Z | D | E | M | O | G | R | A | S | Y | A | N | N | N | Y | A | H | A |
| X | M | L | I | B | E | R | A | L | I | S | M | O | R | O | N | A | L | D | D | G | A | A | X | C |
| C | O | B | A | D | Q | D | A | P | A | N | G | G | I | T | N | A | N | G | P | U | R | I | M | O |
| B | Y | B | Z | R | O | N | A | L | D | E | N | J | H | A | Y | I | G | P | U | L | I | T | I | K |

**Rebolusyong Pangkaisipan at ang Pag-unlad ng Nasyonalismo**

Malawak at walang hangganan ang naging bunga ng Rebolusyong Pangkaisipan sa daigdig na nagsimula pa noong ika-labindawang siglo at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Ang rebolusyong ito ay nagsilbing binhi ng maraming pagbabago sa makabagong panahon at sa ating hinaharap.

Ang Rebolusyong Pangkaisipan ang naging dahilan ng pagkamulat ng mga tao sa makabagong pananaw. Isinaisantabi nila ang mga lumang paniniwala at kaugalian. Hinalinhan nila ang mga ito ng mga bagong kaisipan na itinaguyod ng mga paham at pilosopong naging tanyag. May apat na larangan ang Rebolusyong Pangkaisipan: Agham, Pulitika, mga Sining, at Kabuhayan.

Ang makabagong agham ay nagsimula sa Rebolusyong Pangkaisipan. May iba't ibang siyentipiko na nakilala tulad nina Newton, Descartes, Galileo, Darwin, at iba pa. Marami sa kanilang nilikha ang nakapagdulot ng kabutihan sa kalusugan at kabuhayan ng tao. Umusbong din at nakilala ang gitnang-uri sa lipunan (*middle class*) at ang pangkat ng ito ay naging bagong puwersang isinaalang-alang ng pamahalaan at pamayanan. Ang mga kaisipang kaugnay ng piyudalismo, absolitismo at kapangyarihan ng simbahan ay tinalikuran at napalitan ng sekularismo, pagkakapantay-pantay, at kalayaan para sa lahat. Sa larangan ng pulitika ay lumaganap ang salitang liberalismo at demokrasya. Ang mga himagsikan ay naghatid ng pagbabago tungo sa mas malayang pamahalaan na ayon sa batas at karapatang-pantao. Tunay na napaunlad ng Rebolusyong Pangkaisipan ang diwa ng nasyonalismo lalung-alo na sa mga bansang nasakop ng mga Europeo.

Ang nasyonalismo ay damdaming nagpapahiwatig ng pagiging kaanib sa isang pangkat na may sariling mithiin, kaugalian, kalinangan, wika o kung minsan ay isang lahing pinagmulan at isang relihiyong sinasampalataya. Sinasaklaw nito ang pag-unlad ng kamalayang pambansa simula noong ika-labinlimang siglo hanggang sa ika-dalawampung siglo sa mga pangunahing bansa ng Europa, Amerika, Asya, at Aprika.

May isang pangyayari sa kasaysayan ng daigdig na higit na nakatulong sa paglaganap ng nasyonalismo o damdaming makabayan sa lahat ng dako. Ito ay ang Rebolusyong Pranses. Nakapaloob ito sa kanilang pambansang salawikain: "Kalayaan, Pagkakapantay-pantay, at Pagkakapatiran."

Noong Panahong Midyibal bago sumapit ang Ika-19 na siglo, laganap ang piyudalismo at ang kaisipan ng pagkamatapat sa isang pansariling bagay lamang. Ang basalyo ay matapat sa kanyang panginoon o sa pamilya ng kanyang panginoon. Nang magwakas ang panahon ng piyudalismo at isinilang ang mga bansa, ang pangkaraniwang tao at ang sumisikat na panggitnang uri ng tao (*middle class*) ay bumaling sa hari para sa kanilang pagkalinga. Ang pagkamatapat sa bansa, at hindi sa hari, ay isa sa mga kinahantungan ng Himagsikang Pranses. Ang pagpapaalis sa hari at ang pagkilala sa karapatan ng karaniwang tao upang pamahalaanang kanilang sarili ang nakapagpaunlad sa diwa ng nasyonalismo sa buong daigdig.

Noong Ika-19 na siglo, ang nasyonalismo ay isa sa mga katangian ng Kanlurang Daigdig. Subalit lumaganap din ito sa Silangang Daigdig kung saan ang pambansang pagkakaisa ay naging mahalagang puwersa sa mga bansang sakop upang isulong ang mithiing pambansa na magkaroon ng kalayaan at pagsulong. Ang mga pangunahing pangyayari na kaugnay sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Europa ay mabubuod sa mga sumusunod:

1. Ang tagumpay ni Napoleon III ay nakapagpalakas sa nasyonalismong Pranses. Ang kanyang hukbong sandatahan ay siyang nagdala ng diwa ng nasyonalismo sa mga nasasakupan kahit saan sila magpunta. Ngunit si Napoleon din ang sumuway sa prinsipyo ng nasyonalismo nang ilagay niya ang kanyang kamag-anakang dayuhan sa trono ng ibang bansa.
2. Ang paghahangad ng mga nasasakupan na mamahala sa kanilang sarili ay naging malakas pagkatapos ng pagbagsak ni Napoleon, kahit na minaliit nila ang makabayang prinsipyo ng mga pinuno ng Kongreso ng Vienna at ng autokratikong pinuno noong panahon ni Metternich.
3. Ang rebolusyon noong 1830 at 1848 sa Pransya, Italya, Poland at Alemanya ay sumiklab dahilan sa umuunlad na diwa ng nasyonalismo at demokrasya.
4. Ang diwa ng nasyonalismo na lumaganap sa Italya at Alemanya noong kalahati ng ika-19 na siglo ay humantong sa pagsasa-isang bansa ng dalawang bansang ito noong 1870.
5. Lumaganap sa Gresya at mga bansa sa Balkan ang diwa ng nasyonalismo na siya ring nakatulong sa pagkakahiwalay nila sa kontrol ng bansang Turkey.
6. Sa Amerika naman ay nagkaroon ng mabilis na pagsulong ng pambansang pagmamalaki kahit na may Himagsikang Sibil noon. Ang nasyonalismo ng mga Amerikano ay nakita sa mabilis na pakanlurang pagpapalawak ng lupain sa ibang kontinente sa Pasipiko. Ang nasyonalismo rin ang nagpaloob sa kagustuhan ng batang Republikang Amerikano na isulong ang Himagsikan laban sa Britanya.

Sa pagsapit ng ika-20 siglo, ang nasyonalismo ay higit pang lumakas bilang mahalagang puwersa sa pagbabago ng daigdig.

1. Ang diwa ng nasyonalismo sa mga nasasakupang bansa ang nakapaghihina sa patuloy na pananakop ng mga bansang kanluranin. Ang malalaking bansa kagaya ng Britanya, Pransya, Olandes at Estados Unidos ay napilitang palayain ang mga nasasakupang bansa nang ang mga ito'y kinakitaan ng nasyonalismo at pagkakaisa.
2. Ang nasyonalismo ang naging pangunahing dahilan ng mga Pandaigdigang Himagsikan. Ang mga kolonya ay nahikayat na naghiganti sa kanilang kalapit-bansa, sumakop ng ibang teritoryo, at sumalakay sa mga bansang dayuhan. Ginawa nila ito upang makuha ang pagtataguyod ng kanilang mamamayan at upang maragdagan ang katanyagan makapagdagdag sa ikatatanyag ng kanilang sariling lupain.

Lumaganap din ang iba't ibang uri ng panitikan sa panahong ito. Ilan sa mga nakilalang pilosopo at manunulat ay sina:

1. Rene Descartes, ang Ama ng Rationalismo o modernong pilosopiya, at sumulat ng aklat na *Discourse on Method.*
2. John Locke, isang Ingles na pilosopo na nagpatanyag ng mga natural na karapatan ng tao at ng disbentaha ng limitadong pamahalaan. Siya ang nakaimpluwensiya kina Jefferson, Thomas Paine, at iba pa.
3. Voltaire, ang pangalang sagisag ni Francois Marie Arouet, ay isang pilosopong Pranses na nagpasikat ng ideya ni John Locke at Isaac Newton at nagsulong ng indibidwal na kalayaan. Ang kanyang talino ay nagbunsod ng Rebolusyong Pranses.
4. Adam Smith, kilalang Ama ng Pulitikal na Ekonomiya at sumulat ng *The Wealth of Nations*. Naniwala siya sa kalayaang pang-ekonomiya *(laissez-faire)* at binatikos niya ang merkantilismo. Pinatanyag niya ang adhikain ng produksyon at paggawa sa pandaigdigang kalakalan. Tinutulan din niya ang pakikialam ng pamahalaan sa negosyo at kalakal.

5. Jean-Jacques Rousseau, isang Pranses-Swiss na awtor ng *Social Contract* (1716). Siya ang nagpanukala ng limitadong gobyerno at konsepto ng demokrasya. Itinanghal siyang Ama ng Modernong Demokrasya at Ama ng Romantisismo dahil sa kanyang nobelang *Emile*.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga konseptong nakasulat sa kahon at maglagay ng mag halimbawa sa ilalim ng bawat paksa. Ilista ang mga kaisipang napalitan o kaisipang umunlad dahil sa Diwa ng Nasyonalismo. Balikan mo ang teksto ng aralin upang makapili ka ng angkop na kasagutan. Ang una ay ginawa na para sa iyo bilang halimbawa.

| Kaisipang Napalitan | Kaisipang Umunlad |
|---|---|
| 1. Pagkamatapat sa isang panginoon, hari o pinuno. | 1. Maaring pamahalaan ng mga tao ang kanilang sarili. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |



**Tandaan mo**

- Ang Rebolusyong Pangkaisipan sa larangan ang Agham, Pulitika, mga Sining at Kabuhayan ang naging dahilan ng pagbabago ng pananaw pagkamulat ng mga tao sa diwa ng nasyonalismo.
- Ang mga siyentistang tulad nina Newton, Descartes, Galileo, Darwin at iba pa, ay nagtaguyod ng makabagong pagtanaw sa syensya at pulitika.
- Pinangunahan ng gitnang-uri (*middle class*) ng lipunan ang pagwawaksi ng mga kaisipang piyudalismo, absolutismo at bulag na pagsunod sa kapangyarihan ng simbahan. Sa halip ay itinaguyod nila ang sekularismo, pagkakapantay-pantay, at kalayaan at pamahalaan para sa kagalingan ng lahat.
- Ang Nasyonalismo ay ang diwang pagpapahiwatig ng pagigiging kaanib sa isang pangkat na may sariling mithiin, kaugalian, kalinangan, wika o kung minsan ay paniniwala sa isang lahing pinagmulan at isang relihiyong sasampalatayahan.
- Ang pambansang salawikain ng mga Pranses na: Kalayan, Pagkakapantay-pantay at Pagkakapatiran ang nagsulong ng diwa ng nasyonalismo sa Europa at Amerikano.
- Ang tagumpay ni Napoleon ay nakapagpalakas sa nasyonalismong Pranses. Ang rebolusyon noong 1830 at 1848 sa Pransya, Italya, Poland at Alemanya ay sumiklab at gumising sa diwa ng nasyonalismo at demokrasya.
- Lumaganap din sa Gresya at mga bansa sa Balkan ang diwa ng nasyonalismo at nagdulot ng pagkakahiwalay nila sa kontrol ng Turkey.
- Nasyonalismo rin ang diwang nagpasiklab sa Digmaang Ingles at Amerikano.
- Dahil sa paglaganap ng iba't ibang uri ng panitikan na sinulat ng mga pantas at pilosopo sa panahong ito, nalinang ang diwa ng nasyonalismo sa maraming bansang Europeo. Ilan sa mga nakilalang pilosopo at manunulat ay sina Rene Descartes, John Locke, Voltaire, Adam Smith at Jean-Jacques Rousseau.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Sa pamamagitan ng 3-5 pangungusap ay ipaliwanag mo ang kahalagahan ng mga pahayag ukol sa Rebolusyong Pranses at ang kaisipang pang-ekonomiya ni Adam Smith. Paano mo maiuugnay ito sa mga nangyayari sa ating bansa sa kasalukuyan? Magbigay ka ng mga halimbawa sa iyong paliwanag.

A. Kalayaan, Pagkakapantay-pantay ,at Pagkakapatiran

- Rebolusyong Pranses

Paliwang : ____________________________________________

B. Pagbibigay ng kalayaang pang-ekonomiya (*Laissez-faire*) at pagtutol sa pakikialam ng pamahalaan sa negosyo at kalakalan.

-Adam Smith


Paliwang : ____________________________________________

**ARALIN 3**

**PAGLAGANAP NG NASYONALISMO SA IBA'T IBANG BANSA**



Ang araling ito ay tungkol sa pagpapahalaga ng iba't ibang bansa sa diwa ng nasyonalismo.  Matutukoy mo kaya kung ano ang mga pamamaraan na ginawa ng mga pinuno tungo sa pagkakamit ng kalayaan para sa kanilang bansa? Sisikapin ng araling ito na ipaliwanag iyan sa iyo.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga pinuno at kanilang nagawa para sa pag-usbong ng nasyonalismosa kanilang bansa;
2. Masusuri ang mga mahahalagang pangyayari ng nakaimpluwensya sa pag-unlad ng nasyonalismo sa mga bansang dating sakop; at
3. Mabibigyang halaga ang diwa ng nasyonalismo sa pagtataguyod ng kalayaan at pagkakapantay-pantay ng tao.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago tayo dumako sa pagtatalakay ng paksang-aralin, may nakikilala ka bang mga pinuno ng iba't ibang bansa na nagtaguyod ng nasyonalismo sa kani-kanilang mga bansa?

Panuto:  Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap sa Hanay A at hanapin sa HANAY B ang titik ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap.  Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel. Magkakaroon ka ng ideya kung sinu-sino ang nagpalaganap ng diwa ng nasyonalismo sa Asya, Latin Amerika at Aprika. Itsek mo ang sagot sa Gabay sa Pagwawasto.

**HANAY A**

1. Isang sundalo na kinilala bilang tagapagpalaya ng Venezuela.
2. Isang misyonero na nakarating at matagal na nanirahan sa loob ng Aprika.
3. Kauna-unahang babaeng pangulo ng Pilipinas at isa sa naging daan sa panunumbalik ng demokrasya sa bansa.
4. Siya ang nagtatag ng Democratic Republic of Vietnam at masigasig na nakipaglaban para sa kalayaan ng Vietnam.
5. Ipinahayag niya ang kalayaan ng Indonesia at naitatag ang republika sa pangunguna niya.
6. Ang pinakamatagal na pangulo ng Pilipinas at maaalala sa maraming programang pangkabuhayan at ang deklarasyon ng Batas Militar sa bansa.
7. Nahalal na Secretary General ng United Nations at masugid na tagapagtaguyod ng kapayapaan lalo na sa Burma (Myanmar).
8. Isang paring nanguna sa himagsikan sa Mexico laban sa Espanya at nanguna sa pagkilos tungo sa katarungang panlipunan.
9. Pinamunuan niya ang pagpapahayag ng kalayaan sa limang bansa sa Gitnang Amerika, ang Guatemala, Honduras, El Salvador, Nicaragua at Costa Rica.
10. Pinamunuan niya ang "*Non-violent Resistance*" sa India laban sa Inglatera.

**HANAY B**

A. Abdul Rahman
B. Achmed Sukarno
C. Aung San
D. Benazir Bhutto
E. Corazon Aquino
F. David Livingstone
G. Ferdinand Marcos
H. Ho Chi Minh
I. Jose De San Martin
J. Jose Simeon
K. Miguel Hidalgo
L. Mohandas Gandhi
M. Muhammad Ali Jinnah
N. Simon Bolivar
O. Sirimayo Bandaranaike
P. Stephen Senanayake
Q. U Thant

11. Hinirang na kauna-unahang Gobernador-Heneral na kumatawan sa korona ng Britanya at nagsulong sa paglaya ng Pakistan.
12. Naluklok sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pwersa ng mga mamamayan subalit napaalis ng isang "*Constitutional Coup*" sa Pakistan. Nagtagal ang kaniyang panunungkulan sa loob lamang ng 20 buwan.
13. Kinilalang "Ama ng Kalayaan" at naging unang punong ministro ng Ceylon (Sri Lanka).
14. Kauna-unahang babae na naging punong ministro sa kasaysayan ng daigdig.
15. Sinikap niyang makalaya ang Burma mula sa malupit na pamamahala ng Hapon at nagtatag ng *Anti-Facists People's Fredom League*.

**Ang Pag-unland ng Nasyonalismo sa iba't ibang Bansa**

**Ang Nasyonalismo sa Latin America**

Marami ang dahilan sa pagkakaroon ng digmaang pangkalayaan sa Latin Amerika at ang ilan dito ay ang mga sumusunod:

1. Ang paglaganap ng kaisipang liberal mula sa Europa at Amerika na naging dahilan ng pagsiklab ng himagsikan sa Pransya at Amerika.
2. Kawalang katarungan, mataas na buwis, at ang pang-aabuso ng pamahalaan sa mga mamamayan ng kanilang kolonya.
3. Kahirapan ng mga karaniwang mamamayan at sobrang karangyaan ng ilan.
4. Ang pagpapabaya sa mga karapatan ng mga bansang sakop.
5. Hindi pagbibigyan ng pagkakataon at pantay na oportunudad sa pulitika at lipunan. Ang mga mananakop lamang ang may karapatang humawak ng mataas na tungkulin sa pamahalaan.

Ang mga naantalang kalayaan sa Latin Amerika ay nagkaroon ng bagong sigla noong sakupin ni Napoleon III ang Espanya at Portugal. Noong 1808, napaalis ni Napoleon si Ferdinand VII ng Espanya sa kanyang trono. Isang sundalo, si Simon Bolivar, ang ipinahayag ng mga taga-Venezuela na "Tagapagpalaya" noong 1813. Lumakas ang pagnanasang makalaya ng mga mamamayan sa Timog Amerika kaya mula sa Venezuela at Columbia, nagmartsa si Bolivar sa Andes, sa Ecuador, at sa Peru. Nagtatag siya ng estado na pinangalanang Bolivia. Sa Peru, nakasalubong niya si Jose de San Martin, isang taga-Argentina na nagpalaya sa Chile. Lumaban ang Espanya sa kanyang mga kolonya sa Amerika hanggang 1824, ngunit papalubog na noon ang kapangyarihan ng Espanya, kayat napilitan siyang kilalanin ang kalayaan ng mga bagong bansa sa Timog Amerika.

Samantala, ang himagsikan sa Mexico laban sa Espanya ay sinimulan ni Miguel Hidalgo, isang pari na matagal nang kumikilos para sa ikauunlad ng katarungang panlipunan sa bansang ito. Pagkapahayag niya ng kalayaan noong 1810 ay tinalo sila ng mga hukbo ng Espanya. Bagamat dalawang magkasunod na pinunong pari ang

binitay, nagpatuloy ang himagsikan na nagtagumpay sa pamumuno ni Agustin de Iturbide, isang Heneral na Kastila na tumalikod sa sariling bansa.

Limang bansa naman sa Central America – ang Guatemala, Honduras, El Salvador, Nicaragua at Costa Rica – ang nagpahayag ng kanilang kalayaan noong ika-15 ng Setyembre, 1821 sa pamumuno ni Padre Jose Simeon.

**Nasyonalismo sa Cuba.** Ang mga *Cuban* ay naghimagsik noong 1895 sa pamumuno ni Jose Marti ang tinuturing na bayani ng Cuba. Ang himagsikang ito ay nagpatuloy hanggang ang Estados Unidos ay nagpahayag ng digmaan laban sa Espanya noong 1898. Sa *Treaty of Paris*, noong ika-10 ng Disyembre, 1898, nagwakas ang digmaan ng Amerika at Espanya at naging malaya ang Cuba.

**Nasyonalismo sa Haiti.** Ang mga Pranses ay naging interesado sa yamang-tao ng Haiti. Sila ay umangkat dito ng mahigit isang milyong alipin noong ika-labingwalong siglo. Nang sumiklab ang Himagsikang Pranses noong 1791, naghimagsik din ang mga aliping Haitian. Ang hukbong Pranses ay ipinadala sa Haiti upang supilin ang himagsikang pinamunuan ni Toussaint L. Ouverture. Si Toussaint ang naging pinuno ng Haiti. Ang kanyang pamamahala ay nagwakas noong siya ay bihagin at dalhin sa Pranses. Ipinagpatuloy ni Dessalines ang paglaban sa Pranses para sa kanilang kalayaan. Ipinahayag niya ang kalayaan ng Haiti noong unang araw ng Enero, 1804.

**Nasyonalismo sa Brazil.** Nang lusubin ni Napoleon ang Portugal noong 1808, tumakas si Haring John VI at tumira sa Rio de Janeiro, Brazil. Subalit si Haring John VI ay bumalik sa Portugal noong 1821 at iniwan ang kanyang anak na si Pedro bilang *regent*. Noong 1822, ipinahayag na emperador si Prinsipe Pedro at nang sumunod na taon, nagpahayag sa Prinsipe Pedro ng saligang-batas na siyang uugit sa pamamahala ng Brazil.

**Nasyonalismo sa Japan.** Noong ika-8 siglo ipinagbawal sa batas ng Hapon ang pagdadala ng espada ng mga lalaki. Ang mga pinahihintulutan lamang ay ang mga Samurai *(two-sword men).* Sa katunayan, ang Hapon ay isang bansang piyudal, ang mga samurai ay sumumpang maglingkod sa kanilang panginoon. Ang mga kawal at mga panginoon ay itinataguyod ng matiyagang mga alipin at manggagawa at mayroon silang kapangyarihan sa buhay ng mga ito.

Ang *Bushido* o alituntunin ng mga samurai ay isang kodigo ng karangalan na naglalagay sa mga kawal sa mataas na kalagayan kaysa sa mga mangangalakal at dalubhasa. Sila ay magalang sa mga aristokratikong babae bagamat itinuturing nilang higit na mababa ang babae sa lalaki. Binibigyang diin din ang katapangan at katapatan sa pinuno kaysa ibang katangian. Kung madungisan ang kanilang karangalan sila ay inaasahang magpapakamatay. Ito ay naisasagawa sa pagtatarak ng punyal sa kanilang tiyan at pinaiikot ayon sa dapat sunding ritwal, ang *Hara-kiri.* Ang tradisyong ito ng Bushido ay sinusunod hanggang sa ngayon.

Mula pa noong 1200 hanggang 1866, ang mikado ng Hapon ay emperador lamang ang turing. Ang diktador na militar na tinawag na *shogun* ang naging tunay na makapangyarihan. Ang unang shogun ay isang makapangyarihang daimyo at ang panglulupig sa ibang daimyo ang nag-udyok sa emperador upang humirang ng shogun. Kahit na pinapayagan ng mga *shogun* na magkaroon ng kaunting ka-pangyarihan ang kanilang emperador, ginaganyak din nila ang mga tao na sambahin ang tau-tauhang emperador, dahil ito ang simbolo ng bansa at may kapangyarihan sa tao.

Noong 1549, ang Katoliko Romanong misyonero na si St. Francis Xavier, ay malugod na tinanggap ng mga Hapones. Maraming Hapones ang nahikayat sa Kristiyanismo. Pagkatapos ng 1616, lahat ng ito ay nagbago. Ang mga Kristiyano ay pinagbintangang nakikialam sa pamamalakad ng pamahalaan upang mahati ang mga Hapones. Maraming Kristiyanong Hapones ang ipinapatay at ang Kristiyanismo ay halos mawala sa Hapon. Ang mga Kristiyano ay pinagbawalang lumabas ng bansa at ang mga dayuhan ay hindi pinapasok. Sa mga makabayang Hapones, lahat ng mga taga-kanluran ay mga barbaro. Natatakot silang masira ng Kristiyanismo ang *Shinto.*

Isang araw noong 1853, ang bapor ng Estados Unidos na pinamumunuan ni Commodore Perry ay dumating sa Tokyo. Inutos ni Perry na alamin kung nais ng mga Hapones na makipagkalakalan ngunit ang shogun ay tumanggi. Noong sumunod na taon ay naipakita ni Perry ang kabutihan ng pakikipagkalakalan sa mga taga-Kanluran. Nagdala siya ng mga baril, teleskopyo, makina sa pananahi at isang modelong riles. Ang ibang bansa ay sumunod sa ginawa ng mga Amerikano at nakipagkasundong makipagkalakalan sa mga Hapon.

Ang mga mangangalakal na Hapon ay lubhang umunlad. Sila ay naghanap ng mga bagong mamimili, isang palatandaan ng malaking pagbabagong nagaganap sa Hapon noong 1850. Ang *Shinto* ay nabuhay na muli, at ang pagbabalik ng pambansang relihiyong ito ay nagganyak sa mga taong nais ibagsak ang mga shogun at ibalik ang kapangyarihan ng emperador. Noong 1868, isang himagsikan ang naganap laban sa mga shogun, sa pamumuno ng ilang panginoon at ng kanilang samurai. Muli ay naibalik ang emperador sa kanyang kapangyarihan. Sa taong 1914, ang Hapon ay naging isang makapangyarihang bansa sa daigdig. Bagamat, nagwakas ang piyudalismo at pang—aalipin, ang pag-uugaling piyudal ay nanatili pa rin. Sa maraming siglo, nahubog ang isipan ng mga Hapones na sundin ang may kapangyarihan - sa pamilya, sa angkan, sa bansa, sa mayayaman at sa militar, at isaisantabi ang pansariling kapakanan. Ang Shinto ang naging relihiyon ng estado. Ang sistemang paaralang publiko ay naitatag, at noong 1868 ay binigyang diin ang paggalang at paglilingkod sa emperador.

Ang pagkakaroon ng isang makapangyarihang hukbo at hukbong-dagat ay nakapagbigay kasiyahan sa mga ninuno ng mga samurai at daimyo. Maraming Hapones ang napaniwala na sila ay maghihirap kung mawawala at pababayaan ang kanilang malakas na hukbo at hukbong-dagat kaya't hindi sila nag-aatubiling gamitin ang kanilang lakas upang magsimula ng digmaan. Sa pagitan ng una at pangalawang Digmaang Pandaigdig, nagkaroon ng pananaw ang mga Hapones na sila ang nararapat sumakop sa kalakhang Asya upang magtaguyod ng kaunlarang pang-ekonomiya sa buong kontenente ng Asya.

**Nasyonalismo sa India.** Ang malaking bahagi ng kaunlarang panlipunan at pangkabuhayan ng India ay utang nito sa Ingles. Sa kabila nito ay hindi rin nasiyahan ang mga tao sa pagkakatali sa ibang bansa. Ikinalungkot nila ang pagkawala ng kanilang kalayaan at ang pagpapalagay ng mga Europeo na ang mga Hindu ay isang mababang uri ng lahi. Ang mga Hindung nagtapos ng pag-aaral sa mga unibersidad sa Inglatera ay hindi makakuha ng trabaho. Ang lahat ng mga pangunahing klaseng klub, tren, at otel ay hindi maaaring gamitin ng mga Hindu. Nadama ng mga Hindu ang unang pagsilang ng damdaming makabayan noong kapaskuhan ng taong 1885 nang itatag ang Pambansang Kongreso sa Calcuta, India ni Allan Octabian Hume, isang nagretirong empleyado. Ang organisasyong ito ang siyang nanguna sa kampanya sa pagkakapantay-pantay sa pulitika.

Subalit may iba pang suliraning kinakaharap ang bansa. Noong 1906, ang mga pinuno ng mga Muslim na natakot sa katanyagan ng *Indian National Congress* na hawak ng mga Hindu ay nagtatag ng Liga ng mga Muslim upang pangalagaan ang mga kapakanan ng mga Muslim. Upang matigil ang pag-aalitan, ipinalabas ng Inglatera ang repormang Morly-Minto noong 1909 na nagdagdag ng representasyon ng mga taga-India sa *Viceroy Legislative Council* at sa panlalawigang Asembliya. Pansamantalang nahinto ang kilusan sa pagkamakabayan noong Unang Digmaang Pandaigdig (1914-1918). Tumulong nang lubusan ang India upang maipakita ang pagkamatapat nito sa Inang-bayang Inglatera.

Pagkatapos ng digmaan, ipinagpatuloy ng Inglatera ang mahigpit at di makatarungang pamamahala sa India. Inaasahan ng mga pinuno ng India na magiging mabuti na ang kanilang kalagayan dahil sa pagtulong noong digmaan ngunit sila'y nabigo. Ang kilusang makabayan ay muling sumiklab, at hiningi sa mga Ingles ang kalayaan. Ito ay pinamunuan ni Mohandas Gandhi na nakilala sa kanyang *Non-violent Resistance Movemen*t.

Sa pamumuno ni Gandhi, nagkaroon ng mga demonstrasyon sa mga lungsod at ang buong bansa ay masiglang nagpulong upang mapag-usapan kung paano sila makalalaya. Noong Abril 13, 1919 sa Amritsar, capital ng Punjab, ipinabaril ni Heneral Due ang pulutong ng mga lalaki, babae at batang tahimik na nagpupulong. Maraming napatay, at nasugatan. Ito ang lalong nagpasiklab ng damdaming makabayan sa

kalakhang India.

Ang katanyagan ni Gandhi ay nakatawag ng pansin sa mga batang makabayan. Isa sa mga ito'y si Jawaharlal Nehru 91889-1964) ang anak ng kaibigang matalik ni Gandhi, si Pandit Meilal Nehru. Naghirap sila sa pagsulong ng kalayaan ng India. Si Gandhi at iba pang mga pinuno ay tumutol sa pagsali ng India sa digmaan, ngunit ginamit din ng Inglatera ang mina, salapi at tao ng India sa pakikipaglaban.

Pagkatapos ng digmaan, natalo ni Clement Atlee ng Partidong Manggagawa ang Pamahalaang Konserbatibo ni Winston Churchill sa Inglatera. Sang-ayon si Clement Atlee sa pagbibigay ng kalayaan sa India ngunit nais ng mga Muslim na magkaroon ng sariling bansa. Pagkatapos ng pagpapalitan ng kuro-kuro, naipasya ni Atlee na hatiin ang bansa sa Hindu Indian at Muslim Pakistan. Ipinagdiriwang noong Agosto 15, 1947 ang kalayaan ng India at Pakistan sa New Delhi at Karachi.

Pagkatatag ng kalayaan, nagkaroon ng kaguluhan sa pagpapalitan ng mga Muslim at Hindi sa India at Pakistan. Naglakbay at nagkolasyon si Gandhi upang matigil ang kaguluhan ngunit noong siya ay nagdarasal sa Birla Mansion, binaril siya ng isang panatikong Hindu, si Mathuran Vinayak Goose.

Noong Enero 26, 1950, ika-20 anibersaryo ng Araw ng Kalayaan ng India, itinatag ang Republika ng India. Ang pangulo ng India ang isang panseremonyang puno lamang, ang tunay na tagapamahala ng bansa ay isang punong ministro. Ang unang pangulo ng India ay si Dr. Rajenda Prasad. Ang ikalawa'y si Dr. Zakir Huain na naihalal noong 1967, isang Muslim.

Sa kasalukuyan, pinagsisikapan ng bansa na lunasan ang mga suliraning tulad ng kagutuman, pagdami ng tao, kamangmangan, pagpili ng wikang opisyal at ang tunggalian sa pag-aaral ng Kashmir. Ang India ay kaibigan ng lahat ng bansa maliban sa Pakistan dahil sa usapan sa Kashmir, at ang kalakhang Tsina dahil sa Rehiyong Ladakh na pinagsimulan ng di pagkakaunawaan ng dalawang bansa.

**Nasyonalismo sa Pakistan.** Nagnais din ang Pakistan na makalaya sa pamahalaang Ingles. Sa pamumuno ni Aga Khan itinatag ang Muslim League noong 1906, at ito ay nagpalaganap ng damdaming makabayan sa mga Muslim. Ang makabayang si Muhammad Ali Jinnah ang naging pinuno ng kilusan sa kalayaan ng

Pakistan nang siya'y mahalal na Presidente ng *Muslim League* noong 1916. Noong 1940, itinaguyod niya ang hiwalay na malayang estado para sa mga Muslim ng India.

Noong ika-15 ng Agosto, 1947, ipinagdiwang ng Pakistan ang kanyang kalayaan sa Karachi. Ang Pakistan ay isang malayang Dominyon ng *British Commonwealth of Nations.* Ang pamahalaan ay pinamunuan ng gobernador heneral na kumakatawan sa korona ng Britanya. Ang kauna-unahang gobernador heneral ay si Muhammad Ali Jinnah. Namatay siya noong Setyembre 11, 1948 kaya hindi niya nakita ang pagiging republika ng Pakistan na itinatag noong Marso 23, 1956 at ang Saligang-Batas na pinagtibay noong Pebrero 27, 1956.

Si Gobernador Heneral Iskander Mirzan ay nagsilbing pangulo ng Pakistan mula 1956-1958. Ang mga pandaraya sa pamahalaan at ang takot sa rebolusyon ang nagbunsod sa kanya na ipasailalim ang bansa sa batas militar. Nagbitiw siya sa tungkulin noong Oktubre 27, 1958. Humalili sa kanya si Heneral Muhammad Ayub Khan. Bilang diktador, itinigil ni Ayub Khan ang katiwalian sa gobyerno, winasak ang sistema sa lupaing piyudal, pinagyaman ang sistema ng edukasyon at ibinalik ang pagtitiwala ng tao sa pamahalaan. Noong Pebrero 17, 1960, siya ang kauna-unahang halal na pangulo ng Pakistan.

Binago ni Ayub Khan ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit na kalayaan pampulitika sa mga nayon. Naniniwala siya sa *basic democracy*. Ayon sa kanya, ang katatagan ng mga nayon. Ito'y isang pilosopiya na ipinagaganap ng bagong Saligang-Batas ng Pakistan na pinagtibay noong Marso 1, 1962. Pinanumbalik ng bagong Saligang-Batas ang demokrasya sa Pakistan. Islam ang pananampalataya ng estado subalit may kalayaan sa relihiyon ang mga tao. Itinaguyod ng pamahalaan ang pagkakapantay-pantay, kalayaan sa pagsasalita at pananampalataya, walang bayad at sapilitang pag-aaral, at pagbibigay ng mga lupain sa mga mahihirap.

Sa kasalukuyan, ginagawa ng mga pinuno ng Pakistan ang maraming pagbabago upang malunasan ang pagdami ng tao, kamangmangan, karukhaan at ang suliranin sa Kashmir. Ngayon ang Pakistan ay may pakikipag-ugnayan sa lahat ng bansa bilang kasapi ng *United Nations, British Commonwealth of Nations*, at *Colombo Plan*. Ang silangang bahagi ng bansa ay humiwalay noong 1971 at naging Bangladesh.

Napailalim lamang sa isang pinunong sibilyan ang Pakistan noong 1990 nang maluklok sa kapangyarihan si Benazir Bhutto sa bisa ng puwersa ng mga mamamayan. Si Benazir Bhutto ay anak na babae ni Zulfikar Ali Bhutto, isang dating pinunong ministro ng Pakistan. Sa kasawiang palad, si Benazir Bhutto ay namuno lamang sa loob ng 20 buwan. Noong ika 15- ng Agosto, 1991, siya ay biglang inalis sa tungkulin dahilan sa sinasabing maraming katiwalian at nepotismo sa kanyang pamahalaan. Isang *constitutional coup* ang nangyari kay Benazir at paglabag sa Saligang-Batas.

Ang pumalit bilang pinunong ministro ay si Pangulong Gulam Ishaq Khan. Ibinalik niyang muli ang mga institusyong military. Ipinalalagay na ang pagkakaalis kay Benizir ay pakana ng pangulo, militar, at ng oposisyon.

**Nasyonalismo sa Malaysia.** Ang mga Portuges ang kauna-unahang taga-Europa na yumapak sa Malaysia. Sila ay nakipagkalakalan sa mga Malay sa loob ng 130 taon. Hindi naibigan ng mga Olandes na noo'y may himpilang pangkalakalan sa Indonesia ang pananatili ng mga Portuges sa Malaya kayat noong ika-14 ng Enero 1641, sinakop nila ang Malacca at ito ang naging himpilan ng kalakalan ng mga Olandes. Habang sila ay nagpapayaman sa Malacca, natuklasan din ng mga Ingles ang mina sa pakikipagkalakalan sa Malacca at noong 1786, sinakop ni Francis Light ang pulo ng Penang na may pagpapala ng Sultan ng Kedah. Ang Malaysia ay nagpasailalim nang ganap sa mga Ingles noong panahon ni Stanford Raffles na noo'y gobernador ng Indonesia. Sa ilalim ng pamumuno ng mga Ingles, ang Malaysia ay umunlad.

Samantalang ang pakikipagkaibigan at pakikiisa ng mga Hapon ay nagbigay sa kanilang matataas na tungkulin sa pamahalaan, ang karanasang pampulitika ay ipinagkait ng mga Ingles sa mga Malay. Ang mga Indian sa Malaysia ay pinakitunguhang tulad ng mga Malay; ang mga Intsik lalo na ang mga tagasunod ni Chiang Kai Shek ay pinarusahan at pinagpapatay. Noong panahon ng Hapa, nag-alsa laban sa pamamahala ng Hapon ang mga Instik at Hindu sa ilalim ng *Malayan People Anti-Japanese Army* na itinatag ni Chen Peng. Nakamit nila ang kalayaan noong Setyembre 1945. Itinuturing silang tunay na mamamayan ng Malaysia at hindi mga Intsik o mga Hindu.

Nakapagtayo ang mga Ingles sa Malaysia ng *British North Borneo Company* hanggang 1946, at noong noong ika-1 ng Pebrero 1948 ay pinasinayaan ang Pederasyon ng Malaysia noong Hunyo, 1948 ay nagkaroon din ng pag-aalsa ang mga pinamumunuan ni Chen Peng at namahala ito sa bansa sa loob ng siyam na taon hanggang noong 1957. Habang sila ay nakikipaglaban sa mga komunista, nagkaroon sila ng inspirasyon na maghangad ng kalayaan dahil sa paglaya ng Pilipinas, ng Burma at ng Indonesia. Pinamumunuan ni Tunko Abdul Rahman ang Malaysia at siya ay tinawag na Yang di-Pertuan Agong (*Permanent Ruler*). Isang pamahalaang Parlyamentaryo ang itinatag niya at noong ika 16-ng Setyembre 1963, pinasinayan ang Pederasyon ng Malaysia at si Abdul Rahman ang naging kauna-unahang Punong Ministro.

**Nasyonalismo sa Sri Lanka.** Noong 1656, napasailalim ng kapangyarihan ng mga Olandes ang Sri Lanka, dating Ceylon mula sa kamay ng Portuges. Noong ika-18 siglo, ang Dutch East India Company, ay nawalan ng interes sa Ceylon at noong 1796, ay isinuko ito sa mga Ingles. Sa loob ng isang siglo at kalahati (1796-1974) ang Ceylon ay nasa kapangyarihan ng Ingles.

Sa simula, and English East India Company ang namuno sa bansa, subalit ang mga pinuno ay umabuso kaya't naghimagsik ang mga Ceylonese. Sa kabila nito ay pinaunlad ng mga Ingles ang mga daan at riles, pinaunlad ang pagsasaka, at ang mga paaralan ay binuksan at ginamit and wikang Ingles sa pagtuturo. Natutuhan ng mga Ceylonese ang mga kaisipan ng mga kanluranin tungkol sa demokrasya.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinimulan ni Stephen Senanayake ang kampanya para sa kalayaan. Ang mga Sinhalese at Tamil na magkaiba sa pananampalataya ay tumulong sa ikabubuti ng bansa. Noong Pebrero 4, 1948 naging malaya na ang bansang Ceylon. Nagkaroon ng malaking kasiyahan at seremonya sa Colombo. Si Stephen Senanayake, kinilalang Ama ng Kalayaan ng Ceylon, ang naging unang Punong Ministro ng Ceylon.

Malaya man ang Ceylon ay namagitan pa rin ang hindi pagkakaunawaan ng mga Sinhalese na Buddhist at mga Hindung Tamil. Ang sigalot ay hindi nalutas ni S.W.E.R. Bandaranaike, pinuno ng Sri Lanka Freedom Party.

Noong Setyembre 25, 1959 si Bandaranaike ay pinatay ng isang baliw na pareng Buddhist. Nagkaroon muli ng halalan at ang balo niyang si Madam Sirimayo Bandaranaike ang nagwagi. Siya ang kauna-unahang babae na naging punong ministro ng isang bansa sa kasaysayan ng daigdig.

Sa panahon niya bilang Punong Ministro, inilipat ni S. Bandaranaike sa kamay ng mga Ceylonese and pangangasiwa sa mga industriya. Inalis niya sa kapangyarihan ng mga dayuhan ang pag-aari ng kumpanya ng langis. Ginawa niyang pambansang wika ang Sinhalese. Nagalit dito ang mga Tamil at siya ay natalo noong halalan ng 1965. Tulad ng isang bagong maunlad na bansa, marami ang suliranin ng Ceylon. Gumagawa ng hakbang ang pamahalaan upang malutas, mabigyan ng sapat na pagkain ang lumalaking populasyon. Marami sa mga tao ang walang hanapbuhay. Ang huling suliranin ay ang humigit kumulang na 1,000,000 Tamil sa Ceylon na biktima ng pang-aapi at kahirapan.

**Nasyonalismo sa Burma (Myanmar).** Ang Burma ay tinatawag sa ngayon na Myanmar at isa sa pinakamalaking bansa sa Asya. Ito ay napasailalim ng impluwensiya ng Tsina bago sinakop ng mga Ingles noong 1880. Ikinatuwa ng mga Burmese ang pagkakasangkot ng Inglatera sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pinabayaan nilang mag-isang lumaban sa Hapon ang mga pinunong Ingles hanggang sa sila ay matalo. Tumulong si Aung San at ang kanyang mga gerilya sa pagsakop sa Hapon noong Marso 8, 1942. Kinilala ng Hapon ang kalayaan ng Burma noong Agosto 1942 at nagtatag ng pamahalaang pinamunuan ni Bamaw ngunit naging malupit ang mga Hapon.

Nabatid ni Aung San na hindi tunay na mapagpalaya ang mga Hapon, kaya tinatag ang AFPEL o *Anti-Facists People's Freedom League* na binubuo ng makabagong mamamayan at mga komunista. Sa pagbabalik ng mga sundalong British noong 1945 tinulungan nila si Aung San at ng kanyang mga gerilya upang mapalaya ang Burma sa mga Hapon.

Malaking kapinsalaan ang naidulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Burma. Ang pagkasira ng Burma sa digmaan ay tinumbasan ng kalayaan ng mga Hapon at hindi na kailanman tinanggap ng mga Burmesa ang pamumuno ng Inglatera.

Ang digmaan din ay nagbigay sa mahihirap na Burmese ng pagkakataong makuha muli ang mga lupain nila sa mga Hindu.

Noong Pebrero 1946 naganap ang mahabang pakikipag-ugnayan ng pamahalaang British at ni Aung San para sa kalayaan ng Burma. Habang nakikipagtalastasan ang mga pinuno ng dalawang pangkat, at mga komunista ay nanggulo upang makamit ang kalayaan. Ang *Red Flags* na pinamumunuan ni Than Thun.

Noong Enero, 1947 isang kasunduan ang nilagdaan sa London na naghanda sa kalayaan ng Burma at bumuo ng Saligang-Batas ng Burma. Ngunit noong Hulyo 1947 namatay si Aung San at ipinagpatuloy ni U Nu ang gawain ni Aung San na dati ay matapat niyang kaibigan. Noong Setyembre 24, 1947 naitatag ang Saligang-Batas at noong Enero 4, 1948 ang Republika ng Nagkakaisang Burma ay ipinagdiwang na si U Nu ang Primyer. Ngayon, pagkatapos ng 63 taong pamamahala ng Ingles, ang Burma ay naging isa nang bansang malaya at naging isang masigasig na kasapi ng UN Bilang pagkilala sa mga paglilingkod niya sa kapayapaang pandaigdig, ang kanyang punong delegado na si U Thant ay nahalal na *Secretary General"*ng UN.

Noong 1962, naging magulo muli sa Burma. Nang masalin kay Ne Win ang pamamahala, nagtatag siya ng gobyernong sosyalista at hindi siya tumanggap ng tulong sa mga dayuhang bansa.

**Nasyonalismo sa Indo-Tsina.** Ang Indo-Tsina ay binubuo ng apat na dating malalayang bansa tulad ng Cambodia, Laos, Hilagang Vietnam at Timog Vietnam na ngayon ay pinag-isa na sa pamamahala ni Ho Chi Minh. Ang mga Indo-Chinese ay mapagmahal sa kalayaan lalo na ang mga Vietnamese.

Matagal ding nasakop ng Pransya ang mga bansa sa Indo-Tsina. Ang makabagong Vietnamese ay nagkaroon ng kalayaan. Noong Agosto 1945, sa pagsuko ng mga Hapon sa *Allied Powers*, itinatag ni Ho Chi Minh ang Democratic Republic of Vietnam sa kabundukan ng Tonkin na siya ang pangulo. Tinangkilik siya sa Vietnam dahil siya ay sagisag ng kalayaan . Umalis si Emperador Bao Dao sa kanyang panunungkulan at sumama kay Ho Chi Minh. Sa takot ng mga hari ng Cambodia at

Laos sa muling pagsalakay ng mga Pranses, tinanggap nila ang pansamantalang kalayaan.

**Nasyonalismo sa Demokratikong Republika ng Vietnam.** Ang mga Vietnamese ay nakipagtunggali na sa loob ng isang libong taon at handa pa siyang lumaban muli kung kinakailangan. Iyan ang sinabi ng mga Vietnamese na nagmamahal sa bayan.

Noong Marso 6, 1946, natapos ang mahabang pakikipag-ugnayan. Lumagda si Ho Chi Minh at ang mga pununong Pranses sa isang kasunduan na kinilala ng Pransya ang Demokratikong Republika ng Vietnam na isang bansang malaya sa loob ng *French Union*. Ngunit ang kasunduang nilagdaan ay sadyang balak ng Pransyang nawalang tunay na intensyong magkaloob ng kalayaan sa Vietnam.

Noong Nobyembre 23, 1946, sinalakay ng mga Pranses ang Haiphong sa Tonkin at maraming sibilyan ang namatay. Gumanti ang mga Vietnamese at sinalakay ang garrison ng Pransya sa Hanoi. Ang dalawang pangyayaring naganap ang naging simula ng digmaan para sa kalayaan ng Vietnam, na tinawag na Digmaang Indo-Tsina. Ang mga sundalong Vietnamese na sinanay ng Kalakhang Tsina at Rusya ay hindi nagapi ng Pranses.

Noong Mayo 7, 1954, ang Dien Bien Phu, pinakamalakas na kuta ng Pransya sa Hilagang Vietnam, ay sumuko kay Heneral Vo Nguyen Giap at nagwakas ang kapangyarihang Pranses sa Asya. Ang pagbaksak ng Dien Bien Phu ay nakapukaw sa isang pandaigdigang pulong na ginanap sa Geneva. Dito ay tinalakay ang suliranin ng Indo-Tsina. Matapos ang mahabang talakayan, na tumagal mula Abril 26 hanggang Hulyo 21, 1954, ang pulong sa Geneva ay nagtakda ng sumusunod na mga kasunduan:

1. Lahat ng kaguluhan sa Vietnam ay ititigil.
2. Kikilalanin ng Pransya ang kalayaan ng Vietnam.
3. Lahat ng sundalong banyaga ay paaalisin sa Cambodia at ang mga gerilya ay isasama sa pambansang sandatahang lakas.
4. Lahat ng kawal na buhat sa ibang bansa ay paaalisin sa Laos at ang mga gerilya ay ililipat sa dalawang lalawigan ng Sam Nua at Saly.

Sa mga kasunduang pinagtibay ng Geneva noong 1954, hinati ang Vietnam sa dalawang bahagi: ang Timog Vietnam sa ilalim ng maka-Kanluraning Vietnamese at ang Hilagang Vietnam na napailalim ng komunistang pinamumunuan ni Ho Chi Minh. Ang paghahati ng Vietnam ay nagsilbing daan sa isa na namang digmaan – ang digmaang sibil ng Hilaga at Timog Vietnam na nagsimula noong 1956 at nagwakas noong 1975. Nagtagumpay ang mga komunista at pinag-isa ang Hilaga at Timog Vietnam. Ang Saigon ay tinatawag ngayong Ho Chi Minh City. Sinikap palawakin ng mga Vietnamese ang kanilang teritoryo sa pamamagitan ng pagsalakay sa Cambodia upang patunayan na sila ay isa sa mga pinakamahusay na namumuno sa Timog Silangang Asya. Subalit hindi naging ganap ang katuparan ng kanilang pangarap dahil ang mga tagasunod ng pininong Pol Pot sa Cambodia sa tawag na Khmer Rouge, ay patuloy na lumalaban sa mga Vietnamese sa pamamagitan ng samahang gerilya sa lahat ng sulok ng bansang Cambodia.

**Nasyonalismo sa Indonesia.** Ang Indonesia na binubuo ng malalaking isla ng Sumatra, Java, Sulawesi at iba pa. Higit na mahalaga sa mga Olandes ang Indonesia kaysa ang India sa mga Ingles. Ang pagsakop ng mga Hapon sa Indonesia noong 1942 ay nakasira sa karangalan ng mga Olandes at pumukaw sa damdaming makabayan ng mga Indones. Nang sina Achmed Sukarno, Hatta at iba pang pinuno ng Indonesia ay pinalaya ng mga Hapon sa bilangguan, sila'y nakipagsabwatan sa mga ito upang matamo nila ang kalayaan mula sa mga Olandes.

Noong Agosto 17, 1945, ipinahayag ni Sukarno ang kalayaan ng Indonesia sa Batavia. Malakas at masiglang sigaw na *Merdeka* ang narinig sa buong bansa. Naitatag ang Republika sa pangunguna ni Sukarno. Di naglaon dumating muli ang mga Olandes at sinakop muli ang bansa. Matapos ang mahabang labanan ang pamahalaan ng Netherlands at mga pinuno ng Indonesia ay lumagda sa *Linggadjati Agreement* noong Marso 25, 1947.

Ang kasunduang ito ay kumilala sa Republika ng Indonesia na binubuo ng Java, Mandura, at Sumatra. Ipinanukala ang pagtatag ng pambansang pederal na tatawaging *United States of Indonesia* na bubuuin sana ng Republika ng Indonesia, Borneo at iba

pang pulo sa pamamahala ng mga Indones at ang pagbubuo ng *Netherlands-Indonesia Union* sa ilalim naman ng pamamahala ng mga Olandres.

Ang kasunduang Linggadjati ay di nagtagumpay sa paglutas ng kaguluhan. Sa pagitan ng Indonesia at Olandes. Noong Hulyo 19, 1947 ipinagpatuloy ng mga Olandres ang labanan. Ang makabayang Indonesian ay lubusang nakipaglaban. Sa pamamagitan ng UN o mga bansang nagkakaisa, ang labanan ay natigil. Ang ikalawang kasunduan, ang *Renville Agreement*, ay naganap noong Enero 18, 1948.

Muling sinalakay ng mga Olandes ang mga Indones noong Disyembre 19, 1948. Nabihag nila si Sukarno. Namagitan ang UN upang himukin ang mga pinunong Olandes na palayain si Sukarno. Noong Nobyembre 2, 1949, matapos ang sampung buwang pakikipag-ugnayan sa Hague ng Estados Unidos ang Indonesia ay naitatag. Ito ang republikang pederal na binubuo ngayon ng 16 na estado. Noong Disyembre 27, 1949, kinilala ng Netherlands ang kalayaan ng Indonesia.

**Nasyonalismo sa Pilipinas.** Sa huling bahagi ng ika-19 siglo, ang kalagayang sosyal, pulitikal at pangkabuhayan ng Pilipinas sa ilalaim ng mga Espanyol sa loob ng mahigit na 300 taon ay labis na nakabahala sa mga Pilipino. Ang mga kilusang propaganda at ang mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo, ang kamatayan ng tatlong paring martir na sina Padre Gomez, Burgos at Zamora, at ang pagbaril kay Rizal sa Luneta, ay pawang nakagising sa damdaming makabayan ng mga Pilipino. Ang paghahangad sa mapayapang pagbabago ay nabigo at sa ilalim ng pamumuno ni Andres Bonifacio, nagtatag ng katipunan, ang rebolusyon ay inilunsad. Ang Republikang itinatag ni Heneral Aguinaldo noong Hunyo 12, 1898 ay naging panandalian lamang dahil sa pagsiklab ng digmaang Pilipino-Amerikano. Ang magigiting na Pilipino ay nasakop ng mga Amerikano at ang Pilipinas ay napasakamay ng Amerikano dahil sa naganap na Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898. sa pagitan ng Espanya at Amerika. Ang pamamahala ng mga Amerikano ay panahon ng reporma sa edukasyon, kalusugan, at pangkabuhayan.

Noong 1907, inihalal ang mga kinatawan ng Unang Asembliya Nasyonal. Sa Batas Jones 1916, ang batasan ay napasakamay ng mga Pilipino. Ang walang humpay na pagsisikap nina Quezon, Osmeña at Roxas upang ang Pilipinas ay lumaya ay

nakamtan nang itakda ng Batas Tydings-McDuffie ang kalayaan ng Pilipinas pagkatapos ng 10 taong transisyon sa Pamahalaang Komonwelt. Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay naglagay sa bansa sa kamay ng mga Hapones sa loob ng apat na taon. Pagkatapos ng digmaan ang kalayaan ng Pilipinas ay nakamtan noong Hulyo 4, 1946 sa ilalim ni Pangulong Manuel Roxas.

Mula kay Pangulong Manuel Roxas ay naging pangulo ng bansa sina Sergio Osmeña na pumalit kay Manuel Quezon sa Pamahalaang Komonwelt, at kasabay na umiral din ang pamahalaang papet ng mga Hapon sa pamumuno ni Jose Laurel. Nang biglaang namatay si Manuel Roxas ay humalili si Elpidio Quirino. Sumunod naman ang tanyag na idolo ng masa na si Ramon Magsaysay, subalit namatay sa isang aksidente sa eroplano at pinalitan ni Carlos Garcia. Matapos ang administrasyon ni Garcia ay sumunod si Diosdado Macapagal.

Pumalit kay Macapagal si Pangulong Ferdinand Marcos, ang tinuturing na pinakamatagal sa posisyon at nagsulong ng maraming programang pangkabuhayan, pampulitika at higit sa lahat, ang naglagay sa bansa sa ilalaim ng Batas Militar noong 1972. ang panahong ito ang muling humamon sa diwa ng nasyonalismo ng mga Pilipino na umabot sa EDSA *Peoples Power Revolution* noong 1986, kung kailan napaalis sa halos 20 taong panunungkulan si Marcos. Pumalit sa kanya si Corazon Cojuangco Aquino, ang maybahay ng pinaslang na lider ng oposisyon na si Senador Benigno Aquino Jr. noong 1983 sa Manila International Airport.

Ang diwa ng EDSA ang nagbalik ng demokrasya at muling gumising sa nasyonalismo ng maraming Pilipino. Matapos ang termino ni Corazon Aquino ay sumunod si Fidel Ramos at makalipas ang anim na taon ay mapayapang naisalin ang kapangyarihan kay Joseph Ejercito Estrada. Ngunit sa kabila ng kasikatan ni Pangulong Estrada ay hindi niya natapos ang kanyang termino dahil sa isyu ng *plunder* o pangungurakot ng yaman ng pamahalaan. Sa isa na namang *Peoples Power* sa EDSA noong 2000, napaalis sa puwesto si Pangulong Estrada at napalitan ni Gloria Macapagal Arroyo bilng pangulo ng Pilipinas.

Sa kasalukuyan ay sinisikap ng mga Pilipino na maiangat ang kabuhayan nito sa kabila ng maraming suliranin tulad ng malaking populasyon at kawalan ng hanapbuhay. Hangad din ng mga Pilipino ang pagkakaroon ng epektibong pamamahala sa bayan.

**Nasyonalismo sa Aprika.** Magtatapos na ang ika-18 siglo ay wala pang gaanong nalalaman tungkol sa Aprika na dati'y tinatawag na madilim na kontinente. Nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig nagsimulang linangin ng mga mananakop ang kanilang mga kolonya upang magkaroon ng matatag na kabuhayan. Bago pa lamang nagsimula ang panahon ng pananakop ay nakuha na ng Pransya ang Algeria. Matapos ang taong 1874, ang Pransya at Italya ay sabay na naghangad sa katabing lupain ng Tunis. Nagmadali ang Italya at marami ang lumipat ng tirahan sa Tunis, kaya't sa katapusan higit ng malakas ang Pransya kaysa sa bago pa lamang nagkakaisang Italya, at ang Tunis ay napasama sa Imperyo ng Pransya.

Upang maghilom ang sugat ng pagkatalo ay kinuha naman ng Italya ang paligid ng Tripoli. Pinag-awayan rin ng Pransya at Alemanya ang Morocco at muntik nang humantong sa isang digmaan. Ang kolonyang ito ay hindi lubhang mayaman sa mga mina. Ang Algeria lamang ang mahalagang pinanggagalingan ng *phosphate* na gamit bilang pataba ng lupa. Marami rin sa mga Pranses ang naninirahan sa mga lupaing ito at ang mga katutubo ay natuto ng mga kaugalian ng mga taga-Europa kaya naging magandang pamilihan ito ng mga produktong galing sa Pransya.

Samantala, ang Britanya ay may mahalagang dahilan sa pagnanais nitong masakop ang Ehipto. May malawak na taniman ng bulak dito at kilala ang bulak sa Ehipto sa mahaba at malasedang sutla nito. Pangalawa ay ang Suez Canal, na nagpatipid ng 4,000 milyang paglalakbay patungong India. Nagsimulang masakop ito nang ang hari ng Ehipto ay nangailangan ng malaking halaga upang mapabuti ang pagkakayari ng Suez Canal. Ngunit ang malaking bahagi ng salaping ito ay ginamit lamang ng hari sa sariling kapritso. Upang makabayad sa mga hiniram na salapi ay napilitang ipagbili ng Ehipto ang karapatan sa Suez Canal sa Britanya. Noong 1882 ay nagkaroon ng kaguluhan laban sa mga Ingles at Pranses. Napilitang magpadala ng hukbo ang dalawang bansa upang mapangalagaan ang kanilang mga mamamayan. Nang magkaroon ng katahimikan, ang mga tagapayong Ingles ay nagmungkahi na ipaubaya ang kanilang pamahalaan sa kanilang pinagkakautangan.

Hindi napilit ng Britanya ang mga katutubo na gamitin ang wikang Ingles. Hindi rin nila napalitan sapagkat ang bansang Ehipto ay may makasaysayang tradisyon at kabihasnang ipinagmamalaki. Ngunit naging matagumpay na rin ang Inglatera sa

pagsakop sa Ehipto.  Ang kanal o daang tubig sa Suez ang nagpaikli ng daan patungong India at tinaguriang "pag-asa ng Imperyo ng Britanya".

Ang gitnang grupo ng Aprika ay hindi gaanong kilala ng mga taga-Europa. Marami sa mga ilog doon ay malalakas ang agos at lubhang mapanganib at ang mga gubat ay madilim at maraming hayop na naglipana.  Nagkaroon lamang ng kaalaman dito nang marating sa Gitnang Aprika ang isang misyoneryong Ingles na si David Livingstone.  Noong 1854, ginalugad ni Livingstone ang Ilog Zambesi at siya ang unang puti na nakamasid sa magandang talon ng Victoria, na ipinangalan niya sa Reyna ng Inglatera.  Nakita rin niya ang lawa ng Nyasa at Tanganyika.  Dito na siya inabot ng pagkamatay dahil sa sakit na karaniwan sa pook na tropikal.

Marami sa mga mangangalakal ang nakabatid sa kayamanang makukuha sa Congo na maaaring magamit ng mga kalakal na nagmumula sa mga gubat gaya ng ivory o garing na galing sa elepante, at goma na napipiga mula sa katas ng puno ng goma.  Sa karurukan ng pananakop, ang pagkakalat ng relihiyon, ang pambansang ambisyon, at mga pangkabuhayang pangangailangan ang nagbunsod sa mga taga-Europa upang pag-agawan ang Gitnang Aprika. Sa loob lamang ng tatlumpung taon, ang mga pook na dati'y hindi kilala ng tao ay naangkin na lahat ng mga kanluraning bansa.  Ang pinakamalaking bahagi ng Congo *Basin* ay nakuha ng Belhika sa pamumuno ng pinakatusong mangangalakal sa Europa, si Haring Leopoldo, hari ng Belhika noong 1885. Ang ibang bahagi ay pinaghatian ng Pransya, Britanya, Alemanya, Portugal at Italya.

Ang kontinente ay pinaghati-hatian at binalangkas ang ekonomiya sang-ayon sa sarili nilang kapakanan.  Sila ay nagtayo ng mga daang bakal  at industriya upang mapangalagaan ang kanilang kapangyarihan.  Ang pagkakaiba-iba ng mga kultura ng mananakop ang siyang naging dahilan ng magkakaibang pag-unlad.  Bago magsimula ang 1914 ay tatatlo lamang ang malayang bansa sa Aprika: ang Ethiopia, Liberia, at Republika ng Timog Aprika.  Ang nasyonalismo ay lumaganap pagkaraan ng Ikalawang Digmaang  Pandaigdig.  Maraming bansa ang naging malaya nang walang karahasan. May mga bansang nagdarak o dumanak ang dugo bago nakamtan ang kalayaan tulad ng Congo (Zaire) at Algeria.  Ang Rhodesia at Nyasaland ay naging Zimbabwe at Malawi. Ang Angola, Mozambique at Guinea  Bissau ay lumaya noong


1975.

Sa kasalukuyan, maraming proyekto ang isinasagawa upang umunlad ang mga bansa gaya ng mga patubig, paaralan, pagawaan, reporma sa lupa, transportasyon at komunikasyon, subalit marami pa ring suliraning nakahadlang sa lubusang pag-unlad ng kontinente. Ang *apartheid* o diskriminasyon ng mga Aprikano ay isa sa mga ito. Kailangan din ang puhunan at mga inprastraktura para sa kaunlarang pang-ekonomiya.

Halos lahat ng bansa sa Aprika ay nagtamo ng kanilang kalayaan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Subalit maraming mga bansa ang hindi pa lubusang handa sa naturang kalayaan. Ilan sa mga maraming suliranin ng mga bansang Aprika ay ang sumusunod:

1. Kakulangan ng kaalaman ukol sa pagsasarili;
2. Kakulangan ng mga sinanay na tao ukol sa pamamahala ng bansa;
3. Kahirapan ng maraming tao na nabubuhay sa kahirapan at marami ang namamatay sa sakit at gutom;
4. Mataas ang antas ng kamangmangan kayat maraming tao ang hindi marunong sumulat at bumasa; at
5. Pagiging matapat sa tribo kayat laganap pa rin ang alitan sa pagitan ng iba't ibang tribo at sa pagitan ng mga tribo at ng pamahalaan.

Ang mga suliraning ito ay unti-unting nalulutas sa pagtulong na ginagawa ng mayayamang bansa sa Europa at ng UN o Samahan ng Bansang Magkakaanib. Darating ang pagkakataon na ang mga bansang ito ay makikilala sa mukha ng daigdig bilang mga malalakas at mauunlad na bansa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Isulat sa ikalawang kolumn ang mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa mga bansang dating sakop. Muli,

bago mo gawin ito ay pagbalik-aralan mo ang kahulugan ng nasyonalismo sa pagsisimula ng Aralin 2. gawin mo itong gabay sa pagpili ng mga pangyayari at bayaning may kinalaman sa pag-unlad ng nasyonalismo sa iba't iabng bansa.

| **Lugar o Mga Bansa** | **Mahahalagang pangyayari at katangian ng bawat bansa na nagpapakita ng pag-unlad ng nasyonalismo** |
|---|---|
| Latin Amerika | |
| Hapon | |
| India | |
| Pakistan | |
| Malaysia | |
| Sri Lanka | |
| Burma | |
| Indo-Tsina (Vietnam) | |
| Indonesia | |
| Pilipinas | |

| | |
|---|---|
| Aprika | |



**Tandaan Mo!**

- Sa pag-unlad ng kamalayan o diwang nasyonalismo, namulat ang mga bansang kolonya sa Amerika, Asya at Aprika tungo sa pagsasarili at kalayaan sa mga mananakop.
- Si Simon Bolivar, ang "Tagapagpalaya" ng Venezuela ay nagmartsa sa Andes, Ecuador, at Peru. Samantalang ang himagsikan sa Mexico laban sa Espanya ay sinumulan ni Miguel Hidalgo, isang paring matagal na kumikilos para sa ikauunlad ng katarungang panlipunan. Limang bansa nanman sa Gitnang Amerika: ang Guatemala, Honduras, El Salvador, Nicaragua at Costa Rica, ang nagpahayag ng kanilang kalayaan noong ika-15 ng Setyembre, 1821 sa pamumuno ni Padre Jose Simeon.
- Pinamunuan ni Mohandas Gandhi ang kilusang makabayan sa pamamagitang ng kanyang *nonviolent resistance* na nakatulong sa paglaya ng India laban sa mga Ingles. Gumising sa diwang makabayan ng mga taga-India ang mga diskriminasyon at karahasang nararanasan sa kamay ng mga mananakop na Ingles.
- Ang bansang Hapon ay nagkaroon ng ibang uri ng nasyonalismo na nakasalig sa pagsunod sa emperador sa angkan at sa bansa. Ito rin ang nagbigay daan upang manakop ng ibang bansa sa Asya ang mga Hapones.
- Malaki ang naging papel ng mga pinuno ng mga bansang kolonya sa pagganyak ng mga mamamayan upang ipaglaban ang mga karapatan nila ta makamit ang kalayaan at demokrasya ng mga nakilalang pinuno sa mga bansang dating sakop ay sina Muhammad Ali Jinnah at Benazir Bhutto ng Pakistan, Stephen Senanayake at Sirimayo Bandaranaike mula sa Ceylon (Sri Lanka), Aung San at U Thant ng Burma (Myanmar), Ho Chi Minh ng Vietnam, Achmed Sukarno ng Indonesia at sina Jose Rizal, Manuel Quezon at Corazon Aquino ng Pilipinas.
- Maraming bansa sa Asya ang sinakop ng iba't ibang dayuhang kanluranin. Ang India, Sri Lanka at Pakista ay sinakop ng mga Ingles. Ang Pilipinas ay nasakop ng mga Espanyol at Amerikano, ang Vietnam, Indonesia, Laos, Cambodia at Malaysia ay nasakop ng mga Olandes. Sa ganitong sitwasyon, umsbong at umigting sa mga bansang ito ang diwa ng nasyonalismo.
- Maraming bansa sa Aprika ang pinaghati-hati ng mga bansang Euripeo at naging biktima ng pang-aapi subalit nagpunyagi rin ang kanilang pinuno makamtan ang

kalayaan tulad ng Ehipto, Congo (Zaire), at Algeria, Rhodesia at Nyasaland, Angola, Mozambique at Guinea Bissau.sa Timog Aprika, nagiging malibha ang isyu ng *apartheid* na nagbigay daan naman upang mabuklod ang mga katutubo doon.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Gumawa ng isang tula na tumatalakay sa kahalagahan ng nasyonalismo tulad ng kalayaan at pagkakapantay-pantay. Ang tula ay kailangan may 3-5 saknong at ang bawat saknong ay may tig-apat na taludtod. Ikaw na ang pumili ng pamagat na angkop sa diwang iyong ipahahayag.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang Nasyonalismo ay pagpapahiwatig ng pagigiging kaanib sa isang pangkat na may sariling mithiin, kaugalian, kalinangan, wika o kung minsan ay may isang lahing pinagmulan at relihiyong sinasampalataya.
- Sa Pransya sumibol ang diwa ng nasyonalismo. Ang Sandaang Taong Digmaan at Himagsikang Pranses ay naging mga hudyat na gumising sa mga bansang kanluran na sila ay magkaisa at ipaglaban ang kalayaan. Ang mga islogang Pranses na naging ispirasyon ng maraming bansa ay: "*Vox populi, Vos dei.*" "Kalayaan, Pagkakapantay-pantay at Pagkakapatiran.
- Nangyari ang unipikasyon ng Italya sa ilalim ng pamumuno ni Napoleon I. Samantalang si Giuseppe Mazzini (1805-1872) naman ang naglunsad ng nasyonalismo sa pamamagitan ng kanyang islogan na Kalayaan, Pagkakapantay-pantay at Humanidad.
- Ang unipikasyon ng Alemanya ay naisagawa naman ni Otto Von Bismark (1815-1833), isang minister ng Prussia. Noong 1815 hanggang 1860, maraming pangyayari ang nagbigay-daan sa unipikasyon ng Alemanya, tulad ng Pitong Linggong Digmaan (1866), Digmaang Austria-Prussia (1866) at Digmaang Franco-Prussian (1870).
- Ang Rebolusyong Amerikano ay nagsimula noong panahong 1763. Ang patakarang pang-ekonomiya ng mga Ingles ay lubos na nagpasidhi sa pag-aalsa ng 13 kolonya.
- Ang Rebolusyong Pangkaisipan ang naging dahilan ng pagkamulat ng mga tao at ito ay may apat na larangan ang Agham, Pulitika, mga Sining at Kabuhayan. May iba't ibang siyentipiko ang nakilala sa panahong ito tulad nina Newton, Descartes, Galileo, Darwin at iba pa. Marami sa kanilang nilikha ang nakapagdulot
- Mula sa Europa, lumaganap ang nasyonalismo sa mga bansang kolonya sa Asya, Aprika at Latin Amerika. Si Simon Bolivar ang itinuring na "Tagapagpalaya" ng

Venezuela at sinmulan naman ni Miguel Hidalgo, isang pari, ang pagkakaroon ng katarungang panlipunan sa Latin Amerika. Si Mohandas Gandhi ay nakilala sa kanyang "nonviolent resistance" sa India laban sa mga Ingles. Sa Asya, naging inspirasyon ang pamumuno nina Muhammad Ali Jinnah at Benazir Bhutto ng Pakistan, Stephen Senanayake at Sirimayo Bandaranaike ng Ceylon (Sri Lanka), Aung San at U Thant ng Burma (Myanmar), Ho Chi Minh ng Vietnam, Achmed Sukarno ng Indonesia, Tunku Abdul Rahman ng Malaysia at sina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Manuel Quezon at Corazon Aquino ng Pilipinas.

- Maraming bansa sa Aprika ang naging alipin at nagtiis ng diskriminasyon sa mga dayuhang Europeo. Marami ang nagbuwis ng buhay sa iba't ibang bansa bago nakamtan ang kalayaan tulad ng Congo (Zaire) at Algeria, Rhodesia at Nyasaland, Angola, Mozambique, at Guinea Bissau.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang katumbas na tamang titik.

1. Ipinamalas niya ang kabayanihan na gumising sa damdaming makabayan ng mga Pranses nang kanyang pamunuan ang hukbong Pranses laban sa mga Ingles.
   A. Benazir Bhutto
   B. Elizabeth I
   C. Joan of Arc
   D. Sirimayo Bandaranaike

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pangkat ng *Estates General* noong 1302, sa panahon ni Philip IV na kilala din bilang Philip the Fair?
   A. Ang mga Commoners
   B. Ang Maharlika
   C. Mga alagad ng simbahan
   D. Pangkat ng mga Franks

3. Ang Unang Bibliya ng mga Karapatang Ingles ay isang kasulatan tungkol sa mga karapatan at kalayaan. Ito ay nakilala bilang
   *A. English Common Law*
   B. Magna Carta
   C. Habeas Corpus
   D. Katipunan ng mga Karapatan o *Bill of Rights*

4. Saang bansa sumiklab ang himagsikan nang ipahayag ni Patrick Henry ang katagang "*Give me liberty or give me death*"?
   A. Alemanya
   B. Indo China
   C. Estados Unidos
   D. Italya

5. Ito ay tumutukoy sa karapatan ng isang pinuno na mamahala ayon sa isang kilalang prinsipyo na *Vox Populi, Vox Dei*.
   A. Hinirang ng Diyos ang mga hari at reyna para mamuno.
   B. Kilalanin ang tinig ng nakakarami dahil ito ang tinig ng Diyos.

C. Mga maharlika ang pinagpala ng Diyos para sa tagumpay.
D. Mga karaniwang tao ang hinirang ng Diyos para magpalaya.

6. Ang Rebolusyong Pangkaisipan ay higit na nakaimpluwensya sa larangan ng:
   A. Alagad ng simbahan, mga Maharlika at karaniwang tao
   B. Edukasyon, kalakalang pandaigdig at kalusugan
   C. Gobyerno, sambayan, bansa at kalayaan
   D. Pulitika, kabuhayan, sining at agham

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga pangyayaring nagpasiklab sa damdaming makabayan ng mga mamamayan sa India?
   A. Pagbaril sa mga taong mapayapang nagpupulong sa Amritsar, Punjab.
   B. Pagkakaroon ng diskriminasyon laban sa mga Hindu kahit na nakapag-aral ang mga ito sa Europa.
   C. Pagpapatatag ng *Basic Democracy* laban sa monarkiyal na pamamahala ng Britanya sa Muslim League.
   D. Pamumuno nina Allan Octabian Hume at Mohandas Gandhi sa mga samahan at usapin ukol sa paglaya ng India.

8. Naghimagsik ang 13 kolonyang Ingles sa Amerika dahil sa mga pahirap at labis na patakarang pang-ekonomiya. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang dito?
   A. Ang hindi makatarungang paglabag ng mga Ingles sa karapatang Amerikano na tinawag na *Intolerable Acts*.
   B. Ang pagbubuwis sa mga dokumentong pangnegosyo tulad ng *Stamp Act*.
   C. Paglikom ng salapi at paghihigpit sa mga kolonya na kilala sa tawag na *Townshend Acts.*
   D. Pag-uutos ng Britanya na sila lamang ang maaaring bumili ng mga produkto ng kolonya at ito ay tinawag na *Navigation Acts.*

9. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang hindi kabilang sa mga dahilan ng panunumbalik ng demokrasya sa Pilipinas?
   A. Pagbaril kay dating Sen. Benigno Aquino sa Manila International Airport
   B. Pagdedeklara ng Batas Militar sa buong bansa
   C. Pagkakaroon ng bagong Saligang-Batas noong 1987
   D. Pagpupunyagi ng mga Pilipino sa *People's Power* sa EDSA

10. Nanatiling palaisipan para sa mga taga-Europa hanggang sa pagsapit ng ika-18 siglo ang gitna ng Aprika dahil sa kakaibang katangian nito tulad ng disyerto, mga ilog, kagubatan at mababangis na hayop. Dahil dito ay masasabi nating ang Aprika, bago dumating ang mga taga-Europa ay:
   A. Isang malawak na lupaing mapanganib para sa tao at walang pamayanan dahil sa kakulangan sa pagkain.
   B. May mahuhusay na sandatang pandigma at mga kaharian na hindi kinayang talunin ng mga taga-Europa.
   C. May ugnayan na sa ibang kabihasnan, may sariling pamumuhay at kultura bago pa dumating ang mga taga-Europa.
   D. Nagdulot ng mga digmaan sa mga taga-Europa dahil sa sapilitang pagpasok at pakikialam sa mga tribo ng Aprika.

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang unaat ikalawang pangungusap. Isulat ang titik:

A, Kung ang parehong pangungusap at TAMA;

B, Kung ang parehong pangungusap at MALI;

C, Kung ang unang pangungusap ay TAMA at ang ikalawang pangungusap ay MALI at

D, Kung ang unang pangungusap ay MALI at ang ikalawang pangungusap ay TAMA.

_____________ 11. Ang samahan ng mga Baron at alagad ng simbahan ay tinawag na *House of Commons*.

Ang pagsasama ng mga kabalyero at burgesse sa mga usapin ng bansa ay tinatawag na *House of Lords*.

_____________ 12. Pinakadakilang reyna ng Inglatera si Elizabeth I at siya din ang pinakahuling pinuno naTudor.

Naabot ang Ginintuang Panahon ng Inglatera sa ilalim ng kanyang panunungkulan.

_____________ 13. *European Union* ang tawag sa Gran Britanya at Hilagang Ireland kapag silang dalawa ay pinagsama.

Ang Gran Britanya at Ireland ang pinakamalaki at pinakamahalagang teritoryo sa *British Isles*.

_____________ 14. Nakilala si Otto Von Bismarck na *Iron Chancellor* bilang pinuno ng Alemanya.

Siya ay naniniwala na ang kasaysayan ay naisasagawa sa pamamagitan ng dugo at bakal.

_____________ 15. Ang Bushido ay tumutukoy sa mahuhusay na kawal sa bansang Hapon noong panahon ng piyudalismo sa kanilang bansa.

Sa bansang Hapon, Samurai ang tawag sa isang kodigo ng karangalan para sa mga kawal.

_____________ 16. Naniwala si Adam Smith na ang *laissez-faire* ay kailangan upang hawakan ng pamahalaan ang usaping pangnegosyo para mapangalagaan ang yaman ng bansa.

Siya ay kinilala bilang Ama ng Pulitikal na Ekonomiya, at may-akda *The Wealth of Nations*.

____________ 17. Ang usapin sa Kashmir ay nagdulot ng alitan sa pagitan ng Pakistan at India.
Samantala ang relihiyon ay pinagmulan din ng sigalot sa Kalakhang Tsina dahil sa pag-agaw ng mga Instik sa Buddhismo na nagmula sa India.

____________ 18. Sa kasaysayan ng daigdig, si Benazir Bhutto ang kauna-unahang babaeng Punong Ministro.
Noong 1990 siya ay inaging pinunong sibilyan ng Pakistan subalit hindi nagtagal sa katungkulan dulot ng bintang na katiwalian.

____________ 19. Noong 1956, ang digmaang sibil sa pagitan ng Hilaga at Timog Vietnam ay nagdulot ng pagkakahati ng bansa.
Noong 1975 ang mga komunista ng Vietnam ay napasuko ng Estados Unidos at mula noon ay pinaunlad na ng Estados Unidos ang kabuhayan sa Vietnam.

____________ 20. Maraming bansa sa Timog Silangang Asya ang dating kolonya ng mga taga-Europa at Amerikanong mananakop.
Ang malalayang teritoryo ng Pilipinas, Malaysia, Indonesia at Thailand, ang kasalukuyang bumubuo sa Indo-Tsina.



## GABAY SA PAGWAWASTO:


**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. A | 11. C | 16. C |
| 2. C | 7. A | 12. B | 17. D |
| 3. C | 8. D | 13. A | 18. C |
| 4. D | 9. B | 14. A | 19. D |
| 5. A | 10. C | 15. C | 20. D |

## ARALIN 1 NASYONALISMONG NALINANG SA EUROPA AT SA MGA KOLONYA

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sa mapa ng daigdig na ito, ang mga naging mananakop ay nakalista sa ibaba.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga sumusunod ay mga pangyayaring nakapagpapalaganap ng nasyonalismo sa Europa at mga kolonya nito:

| Inglatera | Pransya | Italya | Alemanya | Amerika |
|---|---|---|---|---|
| Dito naganap ang paglagda sa Magna Carta. | Namuno si Charlemagne bilang isa sa pinakadakilang pinuno. | Si Giuseppe Mazzini ay gumising sa damdaming makabayan at tinawag na Propeta ng Pag-iisa. | Nakilala si Otto Von Bismarck bilang minister at tagapagbuklod ng kanyang bayan. | Dito matatagpuan ang Jamestown na unang tirahan ng mga Ingles noong 1607. |
| Simula ng Isang Daang Taong Digmaan (1337-1453). | Si Philip IX ang tanging hari na naging santo ng Simbahang Katoliko. Naging mabuti siyang pinuno na naging daan upang ipagmalaki ng mga Ingles ang kanilang bansa. | Sa bansang ito naitatag ang isang samahan na ang slogan ay Kalayaan, Pagkakapantay-pantay at Humanidad. | Naitatag dito ang Zollverein, isang unyong pangkabuhayan na nagpapahalaga sa pagkakaisa at pagtitiwala. | Ang rebolusyon ng 13 kolonya sa bansang ito ay dulot ng pagnanais na lumaya sa monarkiya ng Inglatera. |
| Natamo ang Ginintuang Panahon at nakilala ang Inglatera bilang *Mistress of the Seas* na ipinagmamalaki ng mga Ingles. | Ang palasyo ng Versailles ay naging sentro ng mga pagtitipon at karangyaan na nakapukaw sa mga karaniwang mamamayan ay pang-gitnang uri ng lipunan na maghimagsik sa umaabusong hari at reyna. | Ang mga lugar ng Sicily, Naples at Venetia ay napasama sa teritoryo nito at nagkaroon ng pagkakaisa o unipikasyon. | Umunlad ang bansang ito na naging karibal ng Britanya sa larangan ng kalakalan kayat naipagmalaki ng mga Aleman. | Ang aklat ni Thomas Paine na *Common Sense* ay gumising sa damdaming makabayan. |

**Gawain 3: Paglalapat**

Mungkahing sagot: Maaring ganito ang iyong sagot.

| Mahahalagang katangian ng isang pinunong Pilipino na nagpasibol ng nasyonalismo sa bansa: | Pangyayari sa ating bayan na nagbigay daan sa paglinang ng nasyonalismo |
|---|---|
| 1. Jose Rizal – mapagmahal sa kapwa at sa bayan; naghangad ng pambansang pagkakaisa. | 1. Pagkamartir / pagbubuwis ng buhay ni Dr. Jose Rizal. |
| 2. Ninoy Aquino – naghangad ng pambansang rekonsilyasyon. | 2. Pagkamartir / pagbubuwis ng buhay ni Ninoy Aquino. |
| 3. Corazon Aquino – pinahalagahan ang demokrasya. | 3. Pakikiisa sa EDSA para sa mapayapang rebolusyon. |
| 4. Andres Bonifacio – paglaban ng may makataong layunin at hindi pansariling ambisyon. | 4. Diktadurya, paglabag sa karapatang pantao na nilaban ng karamihan. |
| 5. Cardinal Sin – itinaguyod ang moral na batayan ng pamamahala ng bansa sa makataong paraan. | 5. Paglaban sa mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. |

**ARALIN 2: REBOLUSYONG PANGKAISIPAN AT ANG PAG-UNLAD NG NASYONALISMO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga salita ay - <u>Agham, Kabuhayan, Kalayaan, Demokrasya, Liberalismo, Pagkakapantay-pantay, Panggitnang-uri, Pulitika, Rebolusyon, Sining.</u>

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | P | A | G | K | A | K | A | P | A | N | T | A | Y | P | A | N | T | A | Y | | | |
| | | | A | | | | | | | | U | | | | G | | | | | | | | | |
| | | | N | | | | | | | | | L | | | | H | K | | | | | | | |
| | | | G | | | | | | | | | | I | | | | A | | | | | | | |
| | | | G | | | | | | | | | | | T | | | B | M | | | | | | |
| | | | I | | | | | | | | | | A | | I | | U | | | | | | | |
| | | | T | | R | E | B | O | L | U | S | Y | O | N | | K | H | | | | | | | |
| | | | N | | | | | | | | S | | | | | | A | | | | | | | |
| | | | A | | | | | | | A | | | | | S | | Y | | | | | | | |
| | | | N | | | | | | R | | | | | | | I | A | | | | | | | |
| | | | G | | | | | K | A | L | A | Y | A | A | N | | N | | | | | | | |
| | | | U | | | | O | | | | | | | | | | | I | | | | | | |
| | | | R | | | M | | | | | | | | | | | | | N | | | | | |
| | | L | I | B | E | R | A | L | I | S | M | O | | | | | | | | G | | | | |
| | | | | D | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |

**Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman**

| Kaisipang Napalitan | Kaisipang Umunlad |
|---|---|
| Piyudalismo | Liberalismo |
| Absolutismo | Demokrasya |
| Kapangyarihan ng Simbahan | Sekularismo |
| Katapatan sa Hari | Pagkakapantay-pantay |
| Pananakop ng bansa | Kalayaan para sa lahat |

**ARALIN 3 PAGLAGANAP NASYONALISMO IBA'T IBANG BANSA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. N
2. F
3. E
4. H
5. B
6. G
7. Q
8. K
9. J
10. L
11. M
12. D
13. P
14. O
15. A

**Gawain 2: Pagpapalaganap ng Kaalaman**

| Lugar o Mga Bansa | Mahahalagang pangyayari at katangian ng bawat bansa |
|---|---|
| Latin Amerika | Tinalo ni Napoleon ang Espanya at Portugal at lumaganap ang kilusang himagsikan sa pamumuno ng mga tulad ni nina Simon Bolivar at Jose De San Martin. |
| Hapon | Pagpapalakas ng puwersa bilang isang nasyong makapangyarihan sa Asya; pagsunod sa mga mithiin ng emperador at pinuno. |
| India | Pagpatay sa mga lalaki, babae at batang tahimik na nagpupulong sa Amritsar at ang pamumuno ni Gandhi ang nagpaalab ng sa damdaming makabayan laban sa Inglatera. |
| Pakistan | Nahiwalay ang bansang ito sa India dahil sa pagpapalitan ng teritoryo sa pagitan ng mga Hindu at Muslim. Kinalaunan ay humiwalay din sa bansang ito ang Bangladesh. |
| Malaysia | Ang ilang bahagi ng bansang ito ay dating kontrolado ng British North Borneo Company hangang 1946 at nasakop at nasakop din ng Hapon noong iklaawang Digmaang Pandaigdig. Pinagsikapang makalawa sa impluwensya ng Inglatera at kahit magkakaibang lahi (Instik at Hindu) ay magkaisa sa pagkakamit ng kalayaan sa mga mananakop. |

| | |
|---|---|
| Sri Lanka | Sa bansang ito lumaganap ang sigalot sa pagitan ng Sinhalese Buddhist at mga Hindung Tamil. Dating sakop ng Ingles mula 1796-1974. |
| Burma | Kilala ngayon bilang Myanmar at isa sa pinakamalaking bansa sa Asya na nagsikap makalaya laban sa Ingles at Hapon. Kilala rin sa bansang ito ang tagapagtaguyod ng Nagkakaisang Bansa (UN) na si U Thant. |
| Indo-Tsina (Vietnam) | Binubuo ng Cambodia, Laos, Hilaga at Timog Vietnam na dating sakop ng Pransya. Nagsikap makapagsarili at kahit may madudugong labanan ay nagtagumpay din. |
| Indonesia | Ilan sa kilalang pulo nito ay ang Java, Mandura at Sumatra na sumailalim sa pananakop ng Netherlands at ganap na lumaya noong Disyembre 27, 1949. Sa pamumuno ni Sukarmo, nakabangon sa pananakop ng mga Olandes at Hapon. |
| Pilipinas | Nakilala sa mga Kilusang Propaganda, Katipunan, Unang Republika sa Asya. Nagtaguyod ng kalayaan laban sa Espanya, Estados Unidos at Hapon. Nilabanan ang Batas Militar at naibalik ang demokrasya sa pamamagitan ng *People's Power* sa EDSA. |
| Aprika | Dito matatagpuan ang Suez Canal na nagpapadali sa paglalakbay sa pagitan ng Europa at Asya. Pinaghati-hatian ang teritoryong ito ng mga Europeong mananakop tulad ng Pransya, Britanya, Alemanya, Portugal, Espanya, Belhika at Italya. |

**Gawain 3: Paglalapat**

Ipatsek ang iyong tula sa gurong tagapamahala ng modyul.

**PANGHULINGPAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. D | 11. B | 16. D |
| 2. D | 7. C | 12. A | 17. C |
| 3. B | 8. A | 13. D | 18. D |
| 4. C | 9. B | 14. A | 19. C |
| 5. B | 10. C | 15. B | 20. C |